
# INDIGENIZED LESSON PLANS FOR INDIGENOUS PEOPLES EDUCATION (IPEd)



## SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES
### (Sambal Botolan)



SY 2015-2016

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**LIST of INDIGENIZED LESSON PLANS**
**for IPEd**

**First Quarter**

| | |
|---|---|
| 1. Kindergarten | - 2nd Regional Contextualization Output |
| 2. Araling Panlipunan – Grade 1 | - 2nd Regional Contextualization Output |
| 3. Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 1 | - 1st Regional Contextualization Output-Field Tested |
| 4. MTB-MLE – Grade 1 | - 1st Regional Contextualization Output-Field Tested |
| 5. Araling Panlipunan – Grade 2 | - Additional Output |
| 6. Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 2 | - 2nd Regional Contextualization Output |
| 7. MTB-MLE – Grade 2 | - Additional Output |
| 8. Araling Panlipunan – Grade 3 | - Additional Output |
| 9. Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 3 | - Additional Output |
| 10. MTB-MLE – Grade 3 | - 2nd Regional Contextualization Output |

**Second Quarter**

| | |
|---|---|
| 1. Kindergarten | -1st Regional Contextualization Output-Field Tested |
| 2. Araling Panlipunan – Grade 1 | - 1st Regional Contextualization Output-Field Tested |
| 3. Araling Panlipunan – Grade 1 | - 2nd Regional Contextualization Output |
| 4. Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 1 | - Additional Output |
| 5. MTB-MLE – Grade 1 | - Additional Output |
| 6. Araling Panlipunan – Grade 2 | - Additional Output |
| 7. Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 2 | - 2nd Regional Contextualization Output |
| 8. MTB-MLE – Grade 2 | - Additional Output |
| 9. Araling Panlipunan – Grade 3 | - Additional Output |
| 10. Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 3 | - Additional Output |
| 11. MTB-MLE – Grade 3 | - 2nd Regional Contextualization Output |

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

---

Indigenized Lesson Plan
**KINDERGARTEN**
Unang Markahan

**Objective:**

**National Competency**: Nailalarawan ang nagagawa ng mga tagapag-alaga/nanay/tatay/lolo/lola, atbp (KMKPPam-00-6)

**Community Competency**: Nasasabi ang nagagawa ng mga tagapag-alaga ng pananim sa komunidad

**Indigenized Competency**: Natutukoy ang mga nagagawa ng mga tagapag-alaga ng pananim sa katutubong pamayanan

**Paksang Aralin**

**Paksa:** Pakikisalamuha sa Iba Bilang Kasapi ng Komunidad

**Konteksto:** Ang pangangalaga ng pananim sa gahak o gasak ay bahagi ng pang araw-araw na pamumuhay ng mga katutubo.

**Sanggunian** : K to 12 Learning Competencies KMKPPam-00-6,
Culture Bearers:Fe D. Balbin/ Franklin D. Cariño
https:/www.google.com/search?q=kagamitan+sa+pagtatanim+ng+mga+katutubong+aeta+Botolan+client.firefox-a8rls-org.mozilla:en-us:official+channel

**Background Information:** Ang pagbubunot ng damo( panlamon) , paglalagay ng balag (pangagad), pagpapausok (pamaahok) ay mga gawain sa pangagalaga ng mga pananim sa gahak o gasak. Ang buong pamilya ay sama sama sa paggawa upang madaling matapos ang gawain. Karaniwan ang anak na babae ay katulong ni Nanay (Indo) at ang anak na lalaki ay katulong naman ni Tatay (Bapa) sa paggawa.

**Kagamitan:** larawan ng isang katutubong pamilya, mga tunay na bagay na makikita sa gahak o gasak gaya ng bato,stick (palitek), dahon (bolong),damo (dikot)

| **DAY 1** |
| --- |
| **Meeting Time 1**<br><br>Mensahe: Ang bawat kasapi ng pamilya ay may kanya kanyang gawain sa loob at labas ng tahanan.<br>Magpakita ng larawan ng isang katutubong pamilya.<br><br>Itanong:<br>- Ano-ano ang ginagawa ni Tatay (Bapa)?Nanay (Indo)?ate (kaka babaye)?kuya (kaka lalake)?bunso (poto)? |

**Work Period 1**

Teacher Supervised:

Community Map: Pag-aalaga ng bawat kasapi ng pamilya ng mga pananim sa katutubong pamayanan

Independent Activity

- Kilalanin ang bawat kasapi ng pamilya gamit ang mga larawan
- Papiliin ang bawat mag-aaral ng larawan ng kasapi ng pamilya at ipasabi ang kanilang gawain sa pag-aalaga ng halaman sa gahak

  Gawing Gabay:

  Hiko hi (hal. indo). Hiko ya (hal. Ampanlamon).







**Meeting Time 2**

Mensahe: Mahalaga sa mga katutubo na magkakasama sa gahak sa panahon ng pag-aalaga ng mga halaman upang mapadali ang mga gawain.

Ang pangole ay pagbubunot ng damo sa pagitan ng mga palay pagkaraan ng dalawang linggo pagkatanim ng palay.

**Activity**

Finger Play( Bapa/tatay, Indo/nanay,Kaka babaye/ate, kaka lalake/kuya, poto/bunso)

“Hay Mitataanak”
*(Ang Mag-anak)*

Ayri hi bapa? (2x)
*(Nasaan si Tatay)*
Anti ha gahak(2x)
*(Nasa gasak)(2x)*
Anyay anggaw-en na?(2x)
*(Anong ginagawa nya? (2x)*
Ampangagad,ampangagad.
*(Nagbabakod,nagbabakod)*

Gamitin pamalit sa may salungguhit:
Indo – ampangole
Kaka babaye – kalamo ni indo(2x)
Kaka lalake – kalamo ni bapa
Poto – mangakot dikot

**Supervised Recess**

Gabayan ang mga bata sa paghuhugas ng kamay bago kumain.

**Story Time/Poem:**

**Bayro Ha Gahak**
***(Doon sa Gasak)***
Ni: Joyce D. Lim

Bayro ha gahak
*(Doon sa gasak)*
Bulong, dikot nikakatak
*(Dahon,damo nagkalat)*
Hi indo boy bapa
*(Si Nanay at Tatay)*
Malake ya gawa
*(Marami ang gawa)*

Ampangole,ampangagad
*(Nagbubunot ng damo,nagbabakod)*
Hila nin sagad
*(Sila ng sagad)*
Hi kaka boy poto
*(Si Kuya at Bunso)*
Ampamuol gamit ya aypo
*(Damo sinusunog gamit ang upos)*

Ahok ya kailangan
*(Usok ang kailangan)*
Emen mapaahokan
*(Upang mausukan)*
Aw insekto ha tanaman
*(Mga insekto sa halaman)*
Aghila makaekan
*(Di sila makakain)*


Gabay na tanong:
Ano ang pamagat ng tula?
Sino-sino ang kasapi ng pamilya ang nabanggit sa tula?
Ano-ano kanilang ginagawa?

**Work Period 2**
Mensahe: Sa isang katutubong pamilya ay may kani-kaniyang gawain batay kung pang-ilan siya sa pamilya.
Teacher Supervised: Count Numbers from 1-5.
Objective: Count numbers from 1 to 5 using concrete object found in gahak.

Independent Activity:
- Picking Game (use small stones, dried leaves, sticks,etc)
  - ➡ Teacher must put different objects found in gahak on top of a table in front of the class.
  - ➡ Instruct pupil to pick up 5 pieces of same objects.
  - ➡ Let pupils count their choosen objects in front of the class individually.
  - ➡ After the whole class has done the individual activity, let them compare the number of their chosen objects with the other children.

**Indoor/Outdoor Activity**
Gawain sa labas: "Number Patintero"
The aim of the game is to cross the line from Court A to B.

1. All participants stay in Court A.
2. The “IT” chooses the numbers he/she wanted to block. The unchosen numbers are free to cross the line.
3. The chosen number try their very best to cross the line Without being touched by the “IT”.
4. Those who were able to cross, win the game.
5. The next “IT” will be the one who was ‘TOUCHED’ Or the last player to cross.




**Meeting Time 3: Dismissal Routine**

Ipaawit:

Nayari anay aral murong tamoyna
*(Natapos na ang klase,uwian na naman)*
Magligha, magligha
*(Magsaya,magsaya)*
Nubuka magbira.
*(Bukas babalik)*

**Prepared by:**

**JOYCE D. LIM**
Teacher I/ Teacher- Writer

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON Ed.D**.
Chief Education Supervisor,CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain, LAKAS-BIHAWO
Botolan, Zambales

**FRANKLIN D. CARIÑO**
Tribal Chieftain,Poonbato,LBRA
Botolan, Zambales

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**ARALING PANLIPUNAN I**
Unang Markahan

## I. Layunin

**National Competency**: Naihahambing ang sariling kwento o karanasan sa buhay sa karanasan ng mga kamag-aral.(AP1NAT-Ic-6)

**Community Competency**: Naihahambing ang sariling kwento o karanasan sa buhay sa karanasan ng ibang tao sa komunidad.

**Indigenized Competency**: Naihahambing ang sariling kwento o karanasan sa buhay sa karanasan ng mga kamag-aral sa panahon ng pagtatanim.

## II. PaksangAralin

Paksa: Paghahambing ng Sariling Kwento o Karanasan sa Buhay sa Karanasan ng mga Kamag-aral

Konteksto: Mga Karanasan o Kwento Sa Buhay Sa Panahon Ng Pagtatanim Ng Mga KatutubongAyta.

Sanggunian: K to 12 Curriculum Guide, (AP1NAT-Ic-6),
Fe D. Balbin at Franklin D. Carino (Culture Bearers)

Background Information:

Ang mga katutubong Ayta ay nakakakuha ng iba't-ibang karanasan sa panahon ng pagtatanim sa gasak. Mga karanasan na maaaring magbigay sa kanila ng mga bagong kaalaman sa buhay. Ang mga karanasang ito ay maaari nilang ipamahagi sa kanilang mga kasama sa komunidad at sa paglipas ng panahon ay kanilang ipapasa sa kanilang mga anak at sa mga susunod pang henerasyon.

Kagamitan: Mga larawan ng mga Ayta sa Panahon ng Pagtatanim

Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa mga Karanasan

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

**1. Balik Aral**

Layan ng (/) ang patlang kung ang ipinapakitang larawan ay inyo nang naranasan at (x) naman kung hindi pa.

_____ 1.



_____ 2.



______ 3.



_____ 4.



2. **Pagganyak**

- Naranasan n’yo na bang panoorin ang mga magulang n’yo habang sila ay nagtatanim sa gasak? Paano nila isinasagawa ang tamang pagtatanim?

- Narito ang isang awitin tungkol sa karanasan sa pagtatanim.

Ang klase ay hahatiin sa apat. Ang bawat pangkat ay aawit at isasakilos ang awiting “Magtanim ay Masaya” .Ang pinuno ng bawat pangkat ay pipili at magtatalaga sa mga kasapi ng grupo kung sino ang mga sasayaw at kung sino naman ang mga aawit.

**Magtanim ay Masaya**

Magtanim ay masaya
Hindi ka nag-iisa,
Kasama mo sila
Buo mong pamilya.

Magtanim ng nakangiti,
Magbungkal nakangisi,
Paggagasak walang lumbay
Sasagana ang buhay.

Halina, halina mga katribo
Tayo ay magsipagtanim
Magpanibago tayo ng lakas
Para sa araw ng bukas.

**B. Panlinang na Gawain**

**1. Paglalahad**

**a.** Magpakita ng mga larawan ng buong pamilyang nagtutulungan sa pagtatanim sa gasak.

**Itanong:**

Sino na ang nakapunta na sa gasak?

Naranasan nyo na rin ba ang mga nakita ninyo sa larawan?

Mayroon ba kayong mga karanasang hindi ninyo nalilimutan sa panahon ng pagtatanim sa gasak?

b. Hatiin ang klase sa apat na grupo. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na isagawa o isalaysay sa mga miyembro ang kanilang mga karanasan sa panahon ng pagtatanim sa gasak.

**2. Pagtatalakay**

Ihambing ang inyong mga karanasan sa panahon ng pagtatanim sa karanasan ng inyong mga ka-grupo.

*Bigyan ang bawat grupo ng mga larawang nagpapakita ng mga iba't-ibang karanasan sa pagtatanim (paggagasak).*










- Ano-anong mga karanasan ninyo ang magkakapareho at hindi?

Idikit sa tsart ang mga larawan sa tamang lugar. Halimbawa:

Chart 1




- Anong mga karanasan ang naranasan na ng nakararami sa inyo?
- Alin namang mga karanasan ang naiiba?

**3. Paglalahat**

- Anong mga karanasan ang pare-parehong makikita sa bawat pangkat?

(Isa-isahin ang bawat pangkat)

- Ano-anong karanasan naman ang naiiba?
- May mga kilala ba kayong mga katutubong Ayta sa ating komunidad na gumanda ang pamumuhay dahil sa pagtatanim?
- Paano nila nakamit ang magandang pamumuhay na ito?
- Ano ang dapat ninyong gawin upang maging maganda rin ang inyong pamumuhay sa hinaharap?

**4. Paglalapat**


- Laruin ang "**Karanasan ko, Hulaan mo"** (Pantomime)

Gamitin ang parehong grupo sa naganap na talakayan. Isang grupo ang magpapakita ng mga karanasan nila sa panahon ng pagtatanim. Huhulaan naman ng iba pang grupo ang mga karanasang ito.

## IV. Pagtataya

Ang bawat mag-aaral ay magkakaroon ng kapareha. Ang bawat pares ay bibigyan ng guro ng isang “Venn Diagram”.

Pumili ng bilog at isulat ang inyong pangalan sa parihaba ng nasa itaas nito. Ang guro ay magpapakita ng mga larawan ng karanasan. Isulat ang bilang ng larawan sa loob ng bilog na inyong napili kung ang larawan ay inyo nang naranasan. Isulat naman ang bilang ng larawan sa bahaging kulay dilaw kung kapwa na ninyo naranasan ang nasa larawan.



V. **Takdang Aralin**

Magdala ng isang personal na gamit mo na maliit na saiyo. Humanda sa pagkukuwento tungkol dito.

**Prepared by:**

**REYMAR L. PAJE**
Teacher I/Teacher-Writer

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Div. IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Div. IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS/ AralingPanlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor, CID

Verified and Validated by:

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain/LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Tribal Chieftain/Poonbato, Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**MTB-MLE 1**
Unang Markahan

| **I. Layunin** | |
|---|---|
| | **National Competency**<br>Naipakikita ang pagkakabuklod-buklod ng pamilya sa panahon ng pagtatanim. (MT1OL-Ia-i-1.1)<br>**Community Competency**<br>Naipakikita ang pagkakabuklod-buklod ng pamilya sa pamayanan<br>**Indigenized Competency**<br>Naipakikita ang pagkakabuklod-buklod ng mga pamilyang katutubo sa panahon ng pagtatanim ng palay. |
| **II. Paksa** | Pagkakabuklod-buklod ng Katutubong Pamilya sa Panahon ng Pagtatanim.<br><br>**Nilalaman:** Pagkakabuklod-buklod ng Pamilya<br>**Sanggunian:** K to 12 Learning Competencies MTB, Q1, Week 1, MTIOL-la-i-1.1<br><br>**Background Information**:<br>Sa panahon ng pagtatanim sa pagitan ng buwan ng Mayo at Hulyo , isinasama ng kanilang mga magulang ang kanilang mga anak sa lugar ng taniman. Ang mga bata ay tumutulong sa pagdadala ng mga kagamitan sa pagtatanim. Sila ay tumutulong sa pag-aalaga ng kanilang nakababatang kapatid. Nagmamasid sila sa ginagawa ng kanilang mga magulang sa pagtatanim. Ang ibang miyembro ng pamilya ay nagtatanggal ng maliliit na mga sanga ng kahoy sa kanilang taniman. Ito ang tinatawag na “ampagdulok”.<br><br>**Kagamitan:** mga larawan, inimbitang Katutubong Pamilya<br>**Pagpapahalaga**: Pagkakabuklod-buklod ng pamilya |
| **III. Pamamaraan** | **A. Paghahanda**<br>**1. Balik-Aral**<br>Kilalanin kung sino sa bawat miyembro ng pamilya ang gumagawa ng mga sumusunod na gawain sa tahanan.<br><br>**2. Pagganyak**<br>Awitin natin ang **“Hay Mitataanak”**<br>Tungkol saan ang awit?<br><br>**3. Pagganyak na tanong**<br>Ano-ano ang mga kayang gawin ng bawat miyembro ng pamilya sa panahon ng pagtatanim?<br><br>**B. Panlinang na Gawain**<br>**1. Paglalahad**<br><br>Pagpapakilala ng mga kasapi ng pamilyang katutubo na inimbita at isasalaysay o ikukwento nila kung paano sila nagtutulungan sa panahon ng pagtatanim.<br>Pagkatapos magsalaysay o magsadula ng bawat kasapi ng pamilya, ipasalaysay o ipasadula sa mga mag-aaral ang kanilang nasaksihan. |

**2. Pagtalakay**

Ano-ano ang ginagawa ng bawat miyembro ng pamilya sa panahon ng pagtatanim**: tatay, nanay, kuya, ate, bunso, bapa at indo**

Ipasabi sa mga mag-aaral ang kanilang nasaksihan kung ano ang ginagawa ng bawat kasapi ng pamilya sa panahon ng pagtatanim.

**C. Paglalahat**

Paano naipakikita ng pamilya ang pagkakabuklod-buklod ng bawat miyembro ng pamilyang katutubo sa panahon ng pagtatanim?

**D. Paglalapat**

Tumalon ng dalawang beses kung ang larawang ipakikita ay tumutukoy ng pagkakaisa sa panahon ng pagtatanim at isang beses kung hindi.

1.



Larawan ng pamilyang sama-sama sa gasak

2.



Larawan ng mga batang naglalaro

3.



Larawan ng mga tatay na nakikipagkwentuhan

4.



Larawan ng batang nag-aalaga ng nakababatang kapatid

5.



Larawan ng mga katutubong nagtatanggal ng mga sanga ng puno sa gasak

**IV. Pagtataya**

**Pangkatang Gawain:**

Bumuo ng pangkat ng isang pamilya. Bawat pangkat ay mayroong kompletong miyembro ng pamilya; Tatay, Nanay, Kuya, Ate, Bunso, Bapa, Indo.

Ang bawat pangkat ay magpapakitang kilos ng isang gawain sa panahon ng pagtatanim na nagpapahayag ng pagkakabuklod-buklod ng pamilya.

| | |
|---|---|
| **V. Takdang Aralin** | Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng pagkakabuklod-buklod ng pamilya sa panahon ng pagtatanim. Kulayan ito. |

Lesson Plan Writer: **ELIZABETH B. DELOS SANTOS**
Teacher 1

Teacher-Facilitator: **FREDDIE B. MAGTANONG**
Teacher I

**Observers:**

**CRISTINA A. PANGILINAN**
Master Teacher 1

**SHEENA D. BAYANI**
Teacher I

**ORLINO E. MASCARIÑA, Jr.**
T-III/Caretaker, Bihawo ES

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain, LAKAS, Bihawo, Botolan

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
P-1/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed. D**
Public Schools District Supervisor

**NIDA BLANCA FISCO**
EPS-Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D**
Chief Education Supervisor, CID

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

---

**Indigenized Lesson Plan**
**ARALING PANLIPUNAN 2**
Unang Markahan

## I. Layunin

**National Competency**
Naiuugnay ang tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad sa sarili at sariling pamilya. AP2KOM-Ib-3
**Community Competency**
Naiuugnay ang tungkulin at gawain ng mga kasapi ng pamilya na bumubuo sa komunidad
**Indigenized Competency**
Naiuugnay ang tungkulin at gawain ng mga kasapi ng katutubong pamilya na bumubuo sa komunidad sa panahon ng pagtatanim sa gasak (gahak).

## II. Paksang Aralin

**Paksa**: Pagkilala sa Komunidad
**Konteksto**: Pag-uugnay ng tungkulin at gawain ng mga kasapi ng katutubong pamilya
**Sanggunian**: AP2KOM-Ib-3, Culture Bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Carino, https//www.google.com/search? q=kagamitan+sa +pagtatanim+ng+mga+ katutubong+aeta+sa+botolan+client. firefox-a8rls- org.mozilla:en-US:official+channel
**Background Information:**

Pagtatanim ang pangunahing hanapbuhay ng mga katutubong Ayta. Iba-iba ang tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya sa panahon ng pagtatanim. Sila ay nagtutulungan o nagbabayanihan sa paghahanda ng taniman at sa pagtatanim.

Ang bawat kasapi ng pamilyang katutubo ay may tungkulin at gawain sa panahon ng pagtatanim sa gasak. Si Tatay ay *ampangelamon* (nagbubunot ng damo) at *ampangalal (*nagbabakod ) sa taniman*.* *Ampanabas* (nagtatabas) din siya ng matataas na damo. Kapag natuyo na ang mga damo, ito ay kanilang *(ampoolan lay dikot*) sinusunog upang maitaboy ang mga insekto. Si Nanay ay nagbubunot ng damo sa pananim. Si Kaka lalaki ay tumutulong sa *(ampangakot nin tinabas ya dikot)* paghahakot ng mga tinabas na damo. Si Kaka babayi ay tumutulong kay Indo sa (*ampangolot nin mangayamo ya dikot*) pagbubunot ng maliliit na damo sa gilid ng mga pananim. Si Poto ay tumutulong sa (*ampamowot nin mangayamo ya bato*) pagpulot ng maliliit na bato at itinatabi sa gilid. Kapag malinis na ang taniman, sila'y sama sama na sa pagtatanim.

**Kagamitan**: larawan, mga tunay na kagamitan sa pagtatanim sa gahak
**Pagpapahalaga:** Pagganap sa tungkulin/ pagtutulungan

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. Balik- Aral

Kilalanin kung sino sa bawat miyembro ng pamilya ang gumagawa ng mga sumusunod na gawain sa tahanan:

-naglalaba
-nagluluto

-nag-iigib

-nagwawalis

-nagbubunot ng damo

Sino sa miyembro ng inyong pamilya ang gumagawa ng mga gawaing ito?

2. Pagganyak

Ipakita ang larawan ng nagtatanim sa bukid.



Itanong: Sumasama ba kayo sa pagtatanim? Magkwento tungkol dito.

Mahirap ba o madali ang pagtatanim?

Upang mapagaan ang gawain sa gahak ano-ano ang dapat gawin?

Anu-ano ang ginagawa ng bawat kasapi ng inyong mag-anak sa panahon ng pagtatanim?

3. Paghahawan ng Balakid

Gamit ang mga larawan, alamin ang mga kahulugan ng mga salita



1. (ampamool) nagsusunog




2. (ampangolot) nagbubunot



3. (ampanabas) nagtatabas



4. (ampanlobot) nagbubutas



5. (ampangalal) nagbabakod

**B. Panlinang na Gawain**

1. Paglalahad

Sabihin na ituturo ng isang bapa o guro ang mga paraan ng pagtatanim sa gasak. At ipapaliwanag kung sinong kasapi ng pamilya ang gumagawa nito.

Ipakitang kilos ng inimbitahang Bapa o guro bago ang aralin ang sumusunod na tungkulin o gawain sa panahon ng pagtatanim sa gasak:

a. naghuhukay ng lupang pagtatamnan (ampanlobot)
b. nagbubunot ng damo (ampangelamon)
c. naglalagay ng bakod sa pananim (ampangalal)
d. nagbubungkal ng pananim
e. namumulot ng maliliit na bato
f. pagsusunog ng binunot na mga damo
g. nagtatabas ng damo

2. Pagtatalakay

Ano-ano ang mga tungkulin sa ginagawa ni Tatay? Nanay? Kaka Babayi? Kaka Lalaki? Poto?

Bakit kailangan nagtutulungan ang bawat kasapi ng mag-anak?

3. Paglalahat

Ibigay ang tungkuling ginanagampanan ng bawat kasapi ng mag-anak sa panahon ng gahak.

-Gawain ni Tatay ______
-Gawain ni Nanay______
-Gawain ni Kaka Babayi______
- Gawain ni Kaka Lalaki______
- Gawain ni Poto_____

4. Paglalapat

Sinong kasapi ng pamilyang katutubo ang gumagawa ng mga gawaing ito sa gasak? Piliin ang titik ng tamang sagot sa patlang mula sa mga larawan sa ibaba.

1. Nagbubunot ng damo si ________.
2. Nagsusunog ng mga binunot na damo si_______.
3. Nagbubungkal ng lupang pagtataniman si ________.
4. Tumutulong sa pagbubunot ng damo si __________.
5. Naglalagay ng bakod sa pananim si ________
6. Tumutulong sa pagtatabas ng damo si_______
7. Namumulot ng maliliit na bato si _________
8. Nagtatabas ng damo si ________.


A. Tatay


B. Nanay


C. Kaka Lalaki


D. Kaka Babayi


E. Poto

**IV. Pagtataya**

Iugnay ang mga gawain o tungkulin sa mga kasapi ng bawat pamilyang katutubo

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Tatay | a. nagbubunot ng damo |
| 2. Nanay | b. naghuhukay ng lupang pagtatamnan |
| 3. Kaka Lalake | c. namumulot ng maliliit na bato |
| 4. Kaka Babaye | d. naglalagay ng bakod sa pananim |
| 5. Poto | e. tumutulong sa paghahakot ng tinabas na damo |

**V. Takdang Aralin**

Gumuhit ng larawan kung paano ka tumutulong sa pagtatanim sa gahak.


Prepared by:

**ELIZABETH B. DELOS SANTOS**
Teacher 1/Teacher-Writer

Checked and Edited by:

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed. D**
District Supervisor

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D**
Chief Education Supervisor, CID

Verified and Validated by:

**FE D. BALBIN**
Culture-Bearer
Tribal Chieftain, LAKAS, Bihawo

**FRANKLIN B. CARINO**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, Poonbato, LBRA

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**EsP 2**
Unang Markahan

## I. Layunin:

**National Competency:** Nakapagpapakita ng pagsunod sa mga tuntunin at pamantayang itinakda sa loob ng tahanan
- pag-gamit ng mga kagamitan (ESP2 PKP-Id-e-12)

**Community Competency**: Naipakikita ang pagsunod sa mga tuntunin at pamantayang itinakda ng pamayanan
- paggamit ng mga kagamitan sa panahon ng paghahanda ng lupang pagtataniman o gagasakin

**Indigenized Competency**: Naipakikita ang pagsunod sa mga tuntunin at pamantayang itinakda ng pamilyang katutubo sa paggamit ng mga kagamitan sa paghahanda ng lupang pagtataniman o gagasakin.

## II. Paksang-Aralin:

**Paksa:** Pampamilyang Pagkakabuklod

**Konteksto:** Pagpapakita sa wastong paggamit ng mga kagamitan sa paghahanda ng lupang taniman

**Sanggunian:** ESP2PKP-Id-e-12
https:/www.goggle.com/search?q=kagamitan+sa+pagtatanim+ug+mga+ katutubong+aeta+sa+botolan+client-a8rls<0rg.mozillo:en-us:official& channel
Culture bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Carino

**Background Information:**

Ang pagsunod sa wastong paggamit ng mga kagamitan sa paghahanda ng lupang taniman o gahak tulad ng tabas, itak, taloro, kolo, bi-a at mga pirasong kawayan o buho ay nangangailangan ng mga tuntunin at pamantayan upang maiwasan ang hindi magandang epekto sa mga katutubo. Ang maling paggamit at kakulangan ng kaalaman nang mga ito ay maaaring magdulot ng kapahamak sa kahit sino man sa atin na gagamit nito. Sa sama-samang paggawa at pagtutulungan ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo, pinagbubuklod nito ang matatag na relasyon ng bawat isa sa pamilya.

**Kagamitan:** mga larawan ng pamilyang katutubo, mga tunay na kagamitan (tabas, itak, taloro, kolo, bi-a at mga pirasong kawayan o buho)

**Pagpapahalaga:** Pagkakabuklod/Pagkakaisa

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain:

1. **Balik-aral:**
   Sino-sino ang mga kasapi ng inyong pamilya? Ano-ano ang kanilang ginagawa sa gasak(gahak)

2. **Pagganyak**
   Magpapakita ang guro ng larawan ng pamilyang katutubo na naglilinis sa gahak.



**Tanong**: Ano-anong kagamitan ang kanilang ginagamit sa paglilinis ng lupang tataniman o gagasakin(gagahakin)?

**B. Panlinang na Gawain:**

1. **Paglalahad:**

*Isa-isang ipakikita ng guro ang mga tunay na kagamitan na ginagamit sa paghahanda ng lupang tataniman sa gasak tulad ng tatabas, itak, taloro, kolo, bi-a, mga pirasong kawayan o buho. Kikilalanin ito ng mga bata.*

2. **Pagtatalakay:**

**Tanong**:

a. Paano ninyo ginagamit ang bawat kagamitan ito? tabas? itak? taloro? bi-a? mga pirasong kawayan o buho?
b. Ipakita ang tamang paggamit ng mga ito.
c. Bakit kailangang gamitin ito nang tama?
d. Kailangan ba nating ingatan ang mga kagamitang ito? Bakit?
e. Paano ninyo iniingatan ang mga kagamitang ito?

3. **Paglalahat:**

Ano-ano ang maaaring mangyari kapag hindi wasto ang paraan ng paggamit ng mga kagamitang ito?

Ano-ano ang mga dapat tandaan sa paggamit ng mga kagamitan sa paghahanda sa lupang tataniman?

Bakit kailangang sundin ang mga tuntunin at pamantayan sa pag-gamit ng mga kagamitan sa paghahanda ng lupang tataniman?

4. **Paglalapat:**

**Pangkatang Gawain: Cooperative Learning-Jigsaw Approach**
**Unang Gawain- Expert Team**

Lahat ng bilang 1, 2, 3, 4, 5 at 6 sa bawat pangkat ay magsasama-sama at ito ay tatawaging Expert Team. Bawat pangkat na kagamitang nakalaan upang talakayin ang wastong pamamaraan ng paggamit nito. Babalik ang bawat miyembro sa kani-kanilang Mother/Home Team upang ipakita ang wastong pamamaraan ng paggamit ng kagamitang ito sa paghahanda ng lupang tataniman pagkalipas ng 2-3 minuto.

Expert Teams

Lahat ng # 1 – Itak
2 – Tatabas
3 – Taloro
4 – Kolo
5 – Bi-a
6 – Kawayan/Buho

**Ikalawang Gawain- Mother/Home Team**

Babalik ang mga miyembro sa kanilang tunay na pangkat o Home/Mother Team. Ang bawat miyembro ay magbabahagi ng kanyang kagamitang pinag-aralan sa Expert Team hanggang ang lahat ay makapagbahagi .

.

**Mother/Home Team**

1. Pangkat Bayabas
2. Pangkat Duhat
3. Pangkat Saging
4. Pangkat Bignay
5. Pangkat Kasoy
6. Pangkat Camachile

**IV. Pagtataya:**

**Fish Bowl Activity**

Bawat bata ay bubunot ng isang pangalan ng kagamitan na ginagamit sa paghahanda ng lupang tataniman (gagahakin) at ipakikita ang wastong paggamit nito.(Tingnan kung nasunod ng bata ang wastong gamit ng kagamitan). Ang bawat mag-aaral ay mamarkahan base sa rubrics na nakatala sa ibaba.

5 puntos – naipakikita ang wastong pamamaraan ng paggamit sa lahat ng kagamitan
4 puntos – apat o limang kagamitan lamang ang naipakikita ang wastong pamamaraan sa paggamit ng mga kagamitan
3 puntos – tatlong kagamitan lamang ang naipakikita ang wastong paggamit ng mga kagamitan
2 puntos – isa o dalawang kagamitan lamang ang naipakita ang wastong pamamaraan ng paggamit ng mga kagamitan
1 puntos – hindi naipakita ng malinaw ang wastong pamamaraan ng paggamit sa lahat ng kagamitan.

**V. Takdang-aralin:**

Iguhit ang mga kagamitang ginagamit sa paghahanda ng lupang tataniman.

Prepared by:

**EMMA P. RABOY**
Teacher I/Teacher-Writer

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Div. IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Div. IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS/ AralingPanlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain
LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Tribal Chieftain
Poonbato, Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**BANGHAY ARALIN SA MOTHER TONGUE II**
Unang Markahan

**I. LAYUNIN**

**National Competency**

Identify and use a variety of sentences: a. declarative (MT2 GA-Ih-i-2.6)
(Natutukoy at nagagamit ang iba't-ibang uri ng pangungusap: a. pasalaysay.)

**Community Competency**

Natutukoy ang iba't-ibang kagamitan ng mga katutubo sa pagtatanim sa gasak at kung paano ginagamit ang mga ito.

**Indigenized Competency**

Nagagamit ang pangungusap na pasalaysay sa pagtukoy ng iba't-ibang kagamitan ng mga katutubo sa pagtatanim sa gasak at kung paano ginagamit ang mga ito.

**II. Paksang Aralin**

**Paksa:** Wastong Pagtukoy at Paggamit ng mga Kagamitan sa Pagtatanim
**Konteksto:** Pagtukoy at Paggamit ng iba't-ibang uri ng kagamitan sa pagtatanim sa gasak.
**Sanggunian:** MT2 GA-ih-i-2.6, https//www.google.com/search?q=kagamitan+sa +pagtatanim+ng+mga+katutubong+aeta+sa+botolan+client.firefox-a8rls-org.mozilla:en-US:official+channel
**Background Information:**
Maraming kagamitan sa pagtatanim ang ginagamit ng mga katutubo upang maisagawa nila nang tama at maayos ang pagtatanim sa gasak.
**Kagamitan:** katutubong pala, tulos, tansi, gabyon, bi-a, larawan
**Pagpapahalaga:** Wastong paggamit ng mga Katutubong kagamitan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-aral**

Anu-ano ang ginagawa ng mga katutubo kapag sila ay nagtatanim sa gasak?

**2. Pagganyak**

Magpakita ng larawan ng pamilyang katutubo na sama-samang nagtatanim sa gasak.



Itanong:
Ano ang nasa larawan?
Naranasan na ba ninyo ang ganitong uri ng gawain?

Sino-sino ang kasapi ng pamilya ang gumagawa nito?
Ano-anong mga kagamitan ang ginagamit ninyo sa pagtatanim sa gasak?

**B. Panlinang na Gawain**

**1. Paglalahad**


Patunguhin ang mga bata sa taniman.
Magpakita ng mga tunay na mga kagamitan sa pagtatanim tulad ng pala, tulos, tansi, bi-a, at gabyon.
Ipapakita at ipapaliwanag ng elder kung paano ginagamit ang mga ito.


(gabyon)


(pala)


(tansi)


(bi-a)


(tulos)

**2. Pagtalakay**

a. Tukuyin ang bawat isang kagamitan na ipinakita.
Paano ginagamit ang mga ito?
Isasalaysay ng mga bata ang gamit ng bawat isang kagamitan.

(Isulat sa pisara ang mga pangungusap na ibinigay ng mga bata.)

1. Ang gabyon ay ginagamit sa pagbungkal ng lupa.
2. Ang pala ay ginagamit din sa pagbubungkal ng lupa.
3. Ang tansi ay ginagamit upang maging tuwid ang pagtataniman.
4. Ginagamit ang bi-a upang paglagyan ng binhi.
5. Ginagamit ang tulos sa pagbutas ng lupang paglalagyan ng buto o binhi.

b. Sabihin: Suriing mabuti ang mga pangungusap.
Itanong: Anong uri ng pangungusap ang mga ito?

c. Ikwento kung paano ninyo ginagamit ang mga kagamitan sa pagtatanim sa gasak gamit ang pangungusap na pasalaysay.

d. Pagpapahalaga: Ano ang maaaring mangyari kapag hindi ninyo ginamit nang wasto ang

mga kagamitan?
Bakit mahalaga ang pagtutulungan at pagkakaisa sa mga gawain?

**3. Paglalahat**

Ano ang pangungusap na pasalaysay?

- Ang pangungusap na pasalaysay ay nagpapahayag ng buong diwa.

Paano isinusulat ang pangungusap na pasalaysay?

- Ito ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok.

Magbigay ng halimbawa.

- Ang gabyon ay ginagamit sa pangbubungkal ng lupa. atbp

**4. Paglalapat**

A. Magpakita ng larawan ng mga gawain sa gahak. Pag-usapan ang mga ito gamit ang pangungusap na pasalaysay. Tukuyin sa pangungusap ang mga kagamitang ginagamit nila sa pagtatanim.

**IV. Pagtataya**


Sumulat ng pangungusap na pasalaysay tungkol sa mga kagamitan na ginagamit sa pagtatanim.


(gabyon)


(pala)


(tansi)


(bi-a)


(tulos)

**V. Takdang Aralin**

Magdala ng mga kagamitang maaaring gamitin sa ating taniman.

Prepared by:

**ELIZABETH B. DELOS SANTOS**
Teacher 1/Teacher-Writer

**Checked and Edited by**

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed. D**
Public School District Supervisor

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Culture-Bearer
Tribal Chieftain, LAKAS, Bihawo

**FRANKLIN B. CARINO**
Culture-Bearer
Tribal Chieftain, Poonbato, LBRA

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**Indigenized Lesson Plan**
**ARALING PANLIPUNAN III**
Unang Markahan

## I. Layunin:

**National Competency**: Nasusuri ang matalino at di – matalinong mga paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman (AP3LAR-li- 13.1)

**Community Competency**: Nasusuri ang matalino at di – matalinong mga paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman sa komunidad.

**Indigenized Competency**: Nasusuri ang matalino at di – matalinong mga paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman sa komunidad sa panahon ng paghahanda sa lupang taniman (gasak).

## II. PaksangAralin:

**Paksa**: Pagsuri sa Matalino at Di – Matalinong mga Paraan ng Pangangasiwa ng Likas na Yaman

**Konteksto** : Mga Paraan ng PangAngasiwa ng likas na yaman ng mga katutubong Ayta.

**Sanggunian**: K to 12 Curriculum guide, (AP3LAR-Ii-13.1), Culture Bearers: Franklin D. Carino at Fe D. Balbin

**Background Information**:

Ang mga katutubong Ayta ay kilala sa kanilang lubos na pangangalaga sa mga likas na yaman sa kanilang komunidad. Sila ay nagpapamalas ng paggalang sa mga likas na yamang ito sa pamamagitan ng pag-aalay ng mga panalangin.

**Kagamitan**: Mga larawan, papel at krayola, manila paper

**Pagpapahalaga**:Pagmamalasakit sa mga Likas naYaman

## III. Pamamaraan

### 1. Panimulang Gawain

**a. Balik Aral**

Ano-anong mga likas na yaman ang matatagpuan sa inyong komunidad ?

**b. Pagganyak**

Ang klase ay hahatiin sa dalawa. Ang bawat pangkat ay aawit at isasakilos ang awiting "Masdan mo ang Kapaligiran".

**Pangkat 1**, gagawin ang Refrain 1 at III. **Pangkat 2**, gagawin ang Refrain II at IV. **Lahat**, gagawin ang Refrain V.

**"Masdan Mo ang Kapaligiran"**
By:Asin

Wala ka bang napapansin
Sa iyong mga kapaligiran?
Kay dumi na ng hangin,
Pati na ang mga ilog natin.

Refrain I
Hindi na masama ang pag-unlad,
at malayo-layo na rin ating narating,
Ngunit masdan mo ang tubig sa dagat,
dati'y kulay asul ngayo'y naging itim.
Ang mga duming ating ikinalat sa hangin,
sa langit huwag na nating paabutin'
upang kung tayo'y pumanaw man,
sariwang hangin sa langit natin matitikman.

Refrain II
Mayron lang akong hinihiling,
sa aking pagpanaw sana ay tag-ulan.
Gitara ko ay aking dadalhin,
upang sa ulap na lang tayo magkantahan.

Refrain III
Mga batang ngayon lang isinilang,
may hangin pa kayang matitikman?
May mga puno pa kaya silang aakyatin,
may mga ilog pa kayang lalanguyan?

Refrain IV
Bakit di natin pag-isipan ang nangyayari sa ating kapaligiran.
Hindi na masama ang pag-unlad kung hindi nakakasira ng kalikasan.
Darating ang panahon mga ibong gala ay wala nang madadapuan.
Masdan mo ang mga punong dati ay kay tatag,
ngayo'y namamatay dahil sa 'ting kalokohan.

Refrain V
Lahat ng bagay na narito sa lupa,
biyayang galing sa Diyos kahit nong ika'y wala pa.
Ingatan natin at 'wag nang sirain pa ,
Pagkat pag kanyang binawi, tayo'y mawawala na.

**IV. Panlinang na Gawain**

**a. Paglalahad**

1. Tanong:
   - Ayon sa awit, ano-anong pagbabago ang nangyayari sa ating kapaligiran?
   - Ano-ano ang hindi matatalinong pamamaraan ng pangangalaga sa ating kalikasan. Isa-isahin ang mga ito.

2. Magpakita ng mga larawan ng mga likas na yaman.









**Itanong**: Ano-ano ang mga nakikita ninyo sa larawan?
Ano-ano ang mga paraan ng pangangasiwa ng mga likas na yaman na ito?

**b. Pagtatalakay**

Ang klase ay hahatiin sa apat. Ang guro ay magtatalaga ng pinuno sa bawat pangkat na siya namang magtatalaga sa mga kasapi ng kanilang mga gagawin.

Ang bawat pangkat ay bibigyan ng limang bond paper at krayola. Ipaguhit ang ilan sa mga likas na yamang matatagpuan sa kanilang komunidad at magpalagay ng maikling paglalarawan tungkol sa kanilang mga iginuhit.

Ang mga maiguguhit ng bawatpangkat ay ididikit sa isang manila paper. Isang tagapag-ulat ang pipiliin ng bawat pangkat upang sagutin ang mga sumusunod na tanong kaugnay sa mga iginuhit nilang larawan.

**MgaTanong**

- Ano-ano ang mga iginuhit ninyong likas na yaman na matatagpuan sa inyong komunidad?
- Ibigay ang wastong paraan ng pangangalaga sa mga likas na yamang ito.
- Ano-ano ang mga paraan ng pangangasiwa ng mga likas na yaman sa komunidad sa panahon ng paghahanda sa lupang taniman?


Matapos ang pag-uulat ng bawat pangkat, pagsasama-samahin ng guro ang mga magkakaparehong larawang iginuhit ng mga pangkat at muling tatalakayin ang wastong pangangalaga o pangangasiwa sa mga ito

**Itanong:**

- Ano-ano ang mga matatalinong paraan ng pangangasiwa ng mga likas na yamang ito?
- Paano makaaapekto ang mga hindi matatalinong pangagasiwa sa mga likas na yaman sa panahon ng paghahanda ng lupang taniman?

**c. Paglalahat**

Gamit ang Concept Map, magtala ng mga salitang may kaugnayan sa matalino at di-matalinong mga paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman.



**d. Paglalapat**

Ang klase ay hahatiin sa apat na pangkat at magpapakita ng isang dula-dulaan tungkol sa matalino at di-matalinong pangangasiwa ng mga likas na yaman sa panahon ng paghahanda ng lupang taniman.

**V. Pagtataya:**

Magtala ng wastong pangangasiwa sa bawat likas na yaman.

1. Likas na yamang-lupa ( lupang taniman ) ______________________
2. Ilog ____________________________
3. Sapa______________________
4. Yamang Mineral_______________________________
5. Yamang Tao ________________________________

**VI. Takdang – Aralin**

Sumulat ng dalawang (2) pangungusap na nagsasaad ng matalinong paggamit ng likas na yaman at dalawang (2) pangungusap sa di-matalinong paggamit ng likas na yaman sa panahon ng paghahanda ng lupang taniman

Prepared by:

**REYMAR L. PAJE**
Teacher 1/Teacher-Writer

**Checked and Edited by:**

**MAYDEN G. RONDERO, Ed. D.**
Principal IV

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Div. IPED Alternate Focal Person

**JACELINA A. PASCUA, Ed. D.**
Public Schools District Supervisor

**SAMSON G. CAVA, Ed. D.**
Public Schools District Supervisor

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Div. IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain
LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Tribal Chieftain
Poonbato, Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

---

**Indigenized Lesson Plan**
**Edukasyon sa Pagpapakatao 3**
Unang Markahan
(3 Araw)

**I. Layunin**

**National Competency**

Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili. (EsP3PKP-Ia-14)

**Community Competency**

Naipakikita ang mga natatanging kakayahan ng katutubong bata sa pagtulong sa mga gawain ng katutubong pamilya sa panahon ng pagtatanim.

**Indigenized Competency**

Naipakikita ang mga natatanging kakayahan ng katutubong bata sa pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa panahon ng pagtatanim nang may tiwala sa sarili.

**II. Paksang Aralin**

**Paksa**: Tungkulin Ko sa Aking Sarili at Pamilya
**Konteksto**: Pagtutulungan sa Panahon ng Pagtatanim
**Sanggunian:** EsP3PKP-Ia-14, EsP3 CG,
Culture Bearers- Fe D. Balbin at Franklin D. Cariño
https://www.google.com/search?g=kagamitan+sa+pagtatanim+ng+mga+katutubong+aeta+sa+Botolan+client.firefox.a8rls<org.mozilla:en-US: official + channel

**Background Information**: Sa panahon ng pagtatanim, ang pamilyang katutubo ay sama-sama sa paggawa. Bawat miyembro ng pamilya ay nagpapakita ng kani-kaniyang kakayahan sa paggawa sa tulong ng gabay ng kanilang mga magulang. Laging tandaan na ang anumang kakayahan ay dapat ipinapakita upang ito ay higit na malinang para magkaroon ng higit na tiwala sa sarili.

**Kagamitan**: kopya ng tula, mga larawan
**Pagpapahalaga**: Pagtitiwala sa sariling kakayahan at pagtutulungan

**(Unang Araw)**

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain**

1. Balik-aral

   Magbigay ng mga taong may kakaibang talento o kakayahan.

   Itanong: Anong talento o kakayahan ang iyong maipagmamalaki?

2. Pagganyak

   Pagpapakita ng larawan ng batang nag-iiwi ng nakababatang kapatid at ng mga nagtatanim.




t

Tanong: Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?
Bakit kaya siya nag-iiwi o nag-aalaga ng kapatid?

**B. Panlinang na Gawain**

**1. Paglalahad**

Ilahad sa pisara ang tula at ipabasa ng sabayan/pangkatan.

**Bata Man sa Paningin**
Ni: Ronald A. Dela Cruz

Bata man sa tingin may magagawa din
Alam ang tungkulin at kayang gawin
Sa labas man ng tahanan ay laging maaasahan
Gamit ang kakayahang hindi matatawaran.

Sa panahon ng pagtatanim, sama-sama sa gawain
Si ate at kuya sa pitak nagtatanim.
Hindi man ako pinatanim, inutusan pa rin
Alagaan si bunso at si ina'y nagluluto

Utos ni ina tawagin ang mag-aama
Upang kami mananghali na
Kayat sumunod ng may sigla
At kumain kami ng may saya

Pagligpit ng pinagkainan aking ginawa
Pagkat si bunso pinatulog ni ina
At sina ama, ate at kuya ay balik sa gawa
Habang akoy patuloy sa aking ginagawa

Nang makatulog si bunso,
Si ina'y nakisuyo.
Iduyan si bunso at siyay magtanim na
Nang sila ay agad na matapos sa gawa


**2. Pagtatalakay**

a. Itanong: Ano ang pamagat ng tulang binasa?
Ano ang ginagawa ng pamilya?

b. Salungguhitan ang mga salitang nagpapakita ng kakayahan o gawain ng bata sa tula sa pagtulong sa pamilya sa panahon ng pagtatanim.

**(Ikalawang araw)**

Gawain 1. Ano-anong gawain/kakayahan ng isang bata ang nabanggit sa tula sa panahon ng pagtatanim? Isulat ang inyong sagot sa apat na bakanteng bilog.




Gawain 2. Magtala ng iba pang mga gawain/kakayahan ng mga batang katulad ninyo upang makatulong sa inyong pamilya sa panahon ng pagtatanim.

| Aking gawain sa panahon ng pagtatanim. |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| 4. |
| 5. |

**C. Paglalahat**

Paano ninyo maipapakita ang inyong natatanging kakayahan sa pagtulong sa inyong pamilya sa panahon ng pagtatanim?

**(Ikatlong-araw)**

**D. Paglalapat**

Gawain 3. Pangkatang Gawain. Pumili ng lider at tagasulat sa inyong pangkat. Sumulat ng maikling talata. Gawing gabay ang tanong sa ibaba.

**"Paano ka makakatulong sa iyong pamilya sa panahon ng pagtatanim? "**

Hayaang magbigay ng tig-iisang pangungusap ang bawat miyembro ng pangkat para sa tanong at ipasulat ito sa manila paper sa anyong patalata. Pagkatapos ay ipalahad sa pisara at hayaang basahin ng kanilang pangkat ang nabuong talata.

Itanong sa buong klase:

Ano-anong gawain o kakayahan ang nabanggit sa talatang inilahad ng pangkat?

**IV. Pagtataya**

Lagyan ng tsek (/) ang mga salita o grupo ng salita na nagpapakita ng pagtulong sa pamilya sa panahon ng pagtatanim.

_____1. Nag-aalaga ng kapatid
_____2. Nagliligpit ng pinggan
_____3. Dinuduyan si bunso
_____4. Sumunod sa utos ni nanay
_____5. Magsuyod ng pitak na pagtatamnan

**V. Takdang-aralin**

Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng pagtulong sa pamilya sa panahon ng pagtatanim.

Prepared by:

**RONALD A. DELA CRUZ**
Teacher I/Teacher Writer

**Checked and Edited by:**

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**EMILY D. MAYOR**
Public Schools District Supervisor

**ZENAIDA P. ANAJAO, Ed. D**
Public Schools District Supervisor

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain
LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARIÑO**
Tribal Chieftain
Poonbato. Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**MTB-MLE 3**
Unang Markahan

## I. LAYUNIN

**National Competency**

Napagsusunod-sunod ang mga panuto o hakbang na nakalimbag.
MT3 SS-Ie-f-1.4,

**Community Competency**

Napagsusunod-sunod nang wasto ang mga pamamaraaan sa pagtatanim ng palay sa gasak.

**Indigenized Competency**

Napagsusunod-sunod ang mga panuto o hakbang sa wastong pagtatanim ng palay sa gasak.

## II. PAKSANG ARALIN

**Paksa:** Wastong Pamamaraan ng Pagtatanim sa Gasak
**Konteksto:** Pagsusunod-sunod nang wasto ang mga pamamaraan ng pagtatanim sa Gasak
**Sanggunian:** MT3 SS-Ie-f-1.4, Culture Bearers- FE D. Balbin, Franklin D. Carino, www.goggle.com
**Background Information:**

Pagtatanim ang pangunahing ikinabubuhay ng mga Katutubong Ayta. Ito ay isinasagawa nila sa buwan ng Mayo hanggang Hunyo. May mga pamamaraan sila na sinusunod upang maging maganda ang kanilang ani. Binubungkal nila ang lupa gamit ang taloro o mapurol na itak at iba pang gamit sa pagtatanim. Sa pagbubutas ng lupa na pagtataniman, gumagamit sila ng tulos o harek. Ang binhi na kanilang itatanim ay inilalagay nila sa bi-a o putol na kawayan na lagayan ng binhi. Gumagamit din sila ng balawag, ito ay buho na may matulis na bakal sa dulo at sa kabilang dulo naman ay hinati-hati upang tumunog habang ginagamit para maging maganda ang pagtubo at pagbunga ng palay kasaliw ang katutubong gitara.

**Kagamitan:** tulos o harek, bi-a (kawayan na pinaglalagyan ng binhi),taluro, binhi o buto, balawag, mga larawan
**Pagpapahalaga:** Pagsunod sa panuto

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

**1. Balik-aral**

Ano-ano ang mga pagkaing karaniwang makikita sa kabundukan?
Paano ito makukuha?

**2. Pagganyak**

Awit:

**“HIKO AY NANANEM”**

Isinalin sa wikang Sambal ni:
Elizabeth B. Delos Santos
(Himig: Ako ay May Lobo)

Hiko ay nananem
Mayamo ya la-iya
Tinumobo ay biga
Namonga nin mangga
Hin potihen koyna
Nawoto ya papaya
Natata ha lota
Maganda’y dalaga

**3. Paghahawan ng Balakid –** gamit ang mga tunay na kagamitan

Harek (tulos)
Bi-a (kawayan na pinaglalagyan ng binhi)
Taloro (mapurol na itak na ginagamit sa pagbubungkal ng lupa)
Pamopod (paglalagay ng palay sa butas)
Balawag (buho na may matulis na bakal sa dulo)

**B. Panlinang na Gawain**

**1. Paglalahad**

Ipabasa ang talata tungkol sa paraan ng pagtatanim.

**Paraan ng Pagtatanim ng mga Katutubo**

Ang pagtatanim ang pangunahing ikinabubuhay ng mga (katutubo). 

Bago magtanim, binabakuran muna nila ang lupang kanilang tataniman.

Pagkatapos, bubungkalin nila ang lupa gamit ang( taluro)  at iba pang kagamitan sa pagtatanim. Ang mga bapa ang gumagawa ng mga butas na paghuhulugan ng mga (binhi)  gamit ang( harek) 
Inihahanay nila ang butas upang madali itong makita. Ang sumunod na paraan ay ang paghuhulog ng mga( binhi)  sa butas o pamopod, ito ay ginagawa ng mga kababaihan. Naniniwala sila na magiging maganda ang bunga ng kanilang palay dahil malambot ang kamay ng mga babae. At ang panghuli ay tatabunan na ang butas na may binhi.

***Paraan nin Pananem nin Kaw-katutubo***

*Hay pananem ya an-ikabiyay nin kaw-katutubo. Bayo hila mananem,biyan la pon nin alal ya lota ya taneman la. Pangayari la nin biyan alal, manawok hilay na gamit ya taloro boy kanayon ya gamit ha pananem. Hay baw-bapa ya manlobot ha lota ya pangigwaan nin bini gamit ya harek.Kailangan nakalinya ya law-lobot ta emen mapara nin makit. Homono la nin gaw-en ay igwa hana ha lobot ya bini, habayti ay ang-gaw-en nin baw-babayi. Ampinto-o hila ya mag-in maganda ya bunga nin pali la bana ta malambot ya gamet nin baw-babayi. Hay hoyot lan gaw-en ay taphonan layna ya lobot ya main bini.*

**2. Pagtalakay**

**Pangkatang Gawain**

**Unang Pangkat:**

Ayusin ang mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod sa talata. Lagyan ng bilang 1-5

1. 

Larawan ng mga lalaking naglalagay ng butas sa lupa

2. 

Larawan ng mga bapa na nagbabakod sa lupang tataniman

3. 

Larawan ng mga babaing naglalagay ng mga buto sa lupa na may butas

4. 

Larawan ng katutubong nagtatabon ng lupa sa butas

5. 

Larawan ng mga katutubong nagbubungkal ng lupa

**Ikalawang Pangkat**

Basahin ang mga pangungusap at pagsunod-sunurin ayon sa talata. Isulat ang bilang 1-5

_________ Ang mga Bapa ang gumagawa ng mga butas na paghuhulugan ng mga binhi gamit ang harek.

_________ Bago magtanim,binabakuran muna nila ang lupang kanilang tataniman.

_________ Ang sumunod na paraan ay ang paghuhulog ng mga binhi sa butas o pamopod. Ito ay giagawa ng mga kababaihan.

_________ Pagkatapos, bubungkalin nila ang lupa gamit ang taloro at iba pang kagamitan sa pagtatanim.

_________ At ang panghuli ay tatabunan na ang butas na may binhi.

Ikatlong Pangkat

Pagsunod-sunurin ang mga pangungusap sa pira-pirasong papel ayon sa sunod-sunod na paraan ng pagtatanim.

| |
|---|
| Pagkatapos, bubungkalin nila ang lupa gamit ang taloro at iba pang kagamitan sa pagtatanim. |

| |
|---|
| Ang sumunod na paraan ay ang paghuhulog ng mga binhi sa butas o pamopod. Ito ay giagawa ng mga kababaihan |

Ang mga Bapa ang gumagawa ng mga butas na paghuhulugan ng mga binhi gamit ang harek.

At ang panghuli ay tatabunan na ang butas na may binhi.

Bago magtanim,binabakuran muna nila ang lupang kanilang tataniman.

**3. Paglalahat**

Ano ang unang hakbang na ginagawa ng mga Katutubo sa pagtatanim?
Paano nila ito ginagawa?
Ano ang panghuling hakbang ang ginagawa sa pagtatanim?
Ano ang mabuting bunga sa buhay ng mga katutubo sa pagsasagawa ng mga hakbang sa pagtatanim sa gahak?

**4. Paglalapat**

Alin ang Kasunod? Iguhit sa kahon ang magkakasunod-sunod na pangyayari

1. Larawan ng mga katutubong nagbabakod ng lupang kanilang Tataniman

2. Larawan ng nagbubungkal ng lupa gamit ang taloro at iba pang kagamitan sa pagtat

.

3. Larawan ng mga Bapa na gumagawa ng mga butas na Paghuhulugan ng mga binhi gamit ang harek.

4. Larawan ng mga kababaihan na naghuhulog ng mga binhi sa butas

5. Larawan ng nagtatabon ng butas na may binhi.

**IV. Pagtataya**

Pagsusunod-sunurin ang mga pamamaraan o hakbang ng tamang pagtatanim. Isulat ang bilang 1-5 sa patlang ayon sa pagkakasunod-sunod.

_________ Ang mga bapa ang gumagawa ng mga butas na paghuhulugan ng mga binhi gamit ang harek.

_________ Bago magtanim, binabakuran muna nila ang lupang kanilang tataniman.

_________ Bubungkalin nila ang lupa gamit ang taluro at iba pang kagamitan sa pagtatanim.

________ Tatabunan na ang butas na may binhi

________ Sumunod na paraan ay ang paghuhulog ng mga binhi sa butas, ito ay ginagawa ng mga kababaihan

**V. Takdang Aralin**

Iguhit ang paboritong bahagi o gawain sa panahon ng pagtatanim sa gasak.

Prepared by:

**ELIZABETH B. DELOS SANTOS**
Teacher 1/ Teacher Writer

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Culture-Bearer
Tribal Chieftain, LAKAS, Bihawo

**FRANKLIN B. CARINO**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, Poonbato, LBRA

---

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**ARALING PANLIPUNAN I**
Ikalawang Markahan

**I. Layunin**

**National Competency**
Nasasabi ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya. ( AP1PAM-II a-4 )
**Community Competency**
Nasasabi ang kahalagahan na ginagampanan ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo sa pamayanan sa panahon ng pangangalaga ng mga pananim sa gasak (gahak).

**Indigenized Community**
Nasasabi /Naiisa-isa ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo gaya ni Bapa, Indo, Kaka Lalake, Kaka Babaye at Poto sa panahon ng pangangalaga ng mga pananim sa gasak (gahak).

**II. Paksang Aralin**

**Paksa:** Pagkilala sa mga Kasapi ng Pamilya
**Konteksto:** Kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya sa panahon ng pangangalaga sa mga pananim
**Sanggunian:** Curriculum Guide :AP1PAM-II a-4, , internet
Culture Bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Cariño
**Background Information:** Ang bawat pamilyang katutubo ay may halagang papel na isinasagawa sa panahon pangangalaga sa mga pananim sa gahak. Si Bapa ay nagtatabas ng matataas na damo ,nagbabakod sa mga pananim at nagsusunog ng mga tinabas na damo upang maitaboy ang mga insekto sa pananim. Si Indo naman ay nagbubunot ng damo sa pananim at itinatabi ang mga maliliit na bato. Si Kaka Lalake naman ay tumutulong kay Bapa sa paghahakot ng mga tinabas na damo. Si Kaka Babaye ay bubunot din ng damo sa gilid ng mga pananim.Si Poto naman ay tutulong sa pagpulot ng maliliit na bato at itinatabi sa gilid.
**Kagamitan:** larawan ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo,
mga larawan ng gawain sa pangangalaga sa pananim
**Pokus sa Pagpapahalaga:** Pagpapahalaga sa sariling kakayahan.

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral**

Sino-sino ang mga kasapi ng pamilyang katutubo na naninirahan sa isang pamayanan?

**2. Pagganyak**

Awit: "*Ayre Helan Kaganawan*"

*Ayre he Bapa(2x)*
*Ante ha gahak(2x)*
*Kumusta(2x),bigla nagtago (2x)*

*Ayre he Indo(2x)*
*Ante ha gahak(2x)*
*Kumusta(2x),bigla nagtago (2x)*
*Ayre he Kaka(2x)*
*Ante ha gahak(2x)*
*Kumusta(2x),bigla nagtago (2x)*

*Ayre he Poto(2x)*
*Ante ha gahak(2x)*
*Kumusta(2x),bigla nagtago (2x)*

" Nasaan Silang Lahat"

Nasaan si tatay(2x)
Ito s'ya(2x)
Kumusta(2x),biglang nagtago(2x)

Nasaan si nanay(2x)
Ito s'ya(2x)
Kumusta(2x),biglang nagtago(2x)

Nasaan si kuya/ate(2x)
Ito s'ya(2x)
Kumusta(2x),biglang nagtago(2x)

Nasaan si bunso(2x)
Ito s'ya(2x)
Kumusta(2x),biglang nagtago(2x)

**B. Panlinang na Gawain**

1. **Paglalahad**

Magpakita ng dalawang larawan: ng isang gahak na may nakatanim na at katutubong pamilya

(Maaaring ituro ang aralin sa pamamagitan ng pagpapakitang kilos ng inimbitahang katutubong pamilya o mga batang hinasa na bago pa man ang aralin).

2. **Pagtatalakay**

- Ano-ano ang mga nasa larawan
- Anong tulong ang maaring gawin ng bawat kasapi ng katutubong pamilya upang malago, mabunga at maraming aanihin ang mga pananim sa gahak?
  a. Bapa
  b. Indo
  c. Kaka Lalake
  d. Kaka Babaye
  e. Poto
- Paano isinasagawa ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo ang kanilang halaga sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak?

**C. Paglalahat**

Paano ipinakita ni Bapa, ni Indo, ni Kaka Lalake, Kaka Babaye at ni Poto ang Kani-kanilang halaga sa pangangalaga ng mga pananim sa gasak?
Gaano kahalaga ang tulong ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak

**D. Paglalapat**

a. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang kahon na naglalaman ng larawan ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo.Sabayang ipasabi sa mga kasapi ng pangkat ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya Hal.

Si Bapa ay ________.
Si Indo ay _________.
Si Kaka Lalake ay _______.
Si Kaka Babaye ay _______.
Si Poto ay_______.

b.Ang isang pangkat ay magsasakilos ng kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilyang katutubo habang huhulaan naman ng ibang pangkat.

**IV. Pagtataya**

Pumili ng isang kasapi ng pamilyang katutubo at sabihin ang kanyang kahalagahan sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak.

a. Bapa
b. Indo
c. Kaka Lalake
d. Kaka Babaye
e. Poto

Ang bawat mag-aaral ay mamarkahan base sa rubrics na nakatala sa ibaba.

5 puntos- nasabi nang wasto ang kahalagahan ng kasapi ng pamilya
4puntos- kulang ang nasabing kahalagahan ng kasapi ng pamilya
3puntos- hindi nasabi nang wasto ang kahalagahan ng kasapi ng pamilya
2 puntos- isa o dalawang salita lamang ang nasabing kahalagahan ng kasapi ng pamilya
1puntos- hindi malinaw ang nasabing kahalagahan ng kasapi ng pamilya

**V. Takdang Aralin**

Bilang isang kasapi ng inyong pamilya,gaano ka kahalaga sa inyong pamilya? Sumulat ng dalawang pangungusap tungkol dito.

1.
2.


Prepared by:

**FELIX D. BASA**
**Teacher Writer**
**Teacher I/CARETAKER**
**CABATUAN/PALIS ES-ZAMBALES**

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
**P1,Division IPED Alternate Focal Person**

**JOY P. CORTEZ**
**SEPS, IPED Focal Person**

**NIDA BLANCA L. FISCO**
**EPS- Araling Panlipunan**

**MAYLENE M. MANUEL**
**EPS, LRMDC**

**DEUDELENE P. DOMONDON, Ed.D.**
**Chief ES, CID**

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
**Culture Bearer**
**Tribal Chieftain, LAKAS-BIHAWO**

**FRANKLIN D. CARINO**
**Culture Bearer**
**Tribal Chieftain, Poonbato-LBRA**

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

---

**Indigenized Lesson Plan**
**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO I**
Ikalawang Markahan

## I. Layunin

**National Competency**
Nakatutukoy ng mga wastong paraan ng pakikitungo sa mga kasambahay.(EsP1P-IIb-2)
**Community Competency**
Nakatutukoy ng mga wastong paraan ng pakikitungo sa isang komunidad.
**Indigenized Competency**
Nakatutukoy ng mga wastong paraan ng pakikitungo sa mga kasama sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak.

## II. Paksang-Aralin

**Paksa:** Pagtukoy ng mga Wastong Paraan ng Pakikitungo sa mga Kasama sa Pangangalaga ng mga Pananim
**Konteksto:** Pagtutulungan/Pagkakabuklod-buklod ng Pamilya sa Pangangalaga ng mga Pananim
**Sanggunian**: K to 12 Learning Competencies EsP1P-IIb-2, Culture Bearers: Franklin D. Carino at Fe D. Balbin, https:/www.google.com/search?q=kagamitan+sa+Pagtatanim +ng+mga+katutubong+aeta+Botolan+client.firefox-a8rls-org.mozilla:en-us:official +channel
**Backgroud Information**
Ang pangangalaga ng pananim sa gahak ay isang gawain ng pamilyang katutubo. Sila ay sama-samang gumagawa.Bawat kasapi ay may ginagawa sa kanilang gahak.
**Kagamitan**: larawan,tsart ng tula
**Pagpapahalaga**: Pagkabuklod- buklod/Pagkakaisa

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Magkaroon ng pagbabalik aral sa nakaraang leksyon tungkol sa pakikitungo sa mga kamag-aral sa loob ng silid-aralan.

Itanong:

- Ano ang iyong gagawin kung sinabihan kayo ng guro na maglinis ng silid-aralan?
- Paano mo ito gagawin?

2. Pagganyak

Pagbasa ng tula **"Hay Anak ya Mahonol"**

**Hay Anak ya Mahonol**
Ni: Joyce D. Lim

Maski ayri mipalako
Dapat anti ha ihip ko
Tawtoro ni Nanay
Hanggan hiko ay homlay.

No anti ako ha bali
Homonol nin nakakaili
Dapat pirmi nin ipakit
Ha kawkaambali ampagmalasakit.

**Ang Batang Masunurin**
ni: Joyce D. Lim

Saan man mapunta
Dapat lagi nasa isip ko
Mga bilin at turo ni Nanay
Hanggang sa paglaki ko.

Kung nasa bahay ako
Sumunod ng nakangiti
Dapat laging ipakita
Sa mga kasama sa bahay ang malasakit.

Anya pa man ya ipagawa
Gaw-en main pagkatuwa
Emen ayin mahalita
Ogali mo ahe mipabalita.

Anuman man ang ipagawa
Gumawa nang masaya
Para walang masabi
Hindi mapintasan ang iyong ugali.

**B. Panlinang na Gawain**

1. Paglalahad

Pagpapakitang kilos (batang masunurin)

- Batang babae na sinabihan ng kanyang Nanay na magwalis
- Batang lalaki na nagpatulong sa mga kapatid na mag-igib
- Mga batang lalaki na inutusang linisin ng kanilang Tatay ang bakuran
- Batang babae na inutusang alagaan ang kanyang nakababatang kapatid

2. Pagtalakay

- Ano ang ipinakita ng batang babae?
- Kanino nagpatulong ang batang lalaki?
- Sumunod ba ang mga batang lalaki ng utusan sila ng kanilang Tatay na linisin ang bakuran?
- Sa huling pakitang kilos, ano ang ipinagawa sa batang babae?

Itanong:

- Ano ang ipinapakita ng bawat pakitang kilos?
- Nagpapakita ba ito ng magandang pakikitungo sa kasama?
- Bakit?

3. Paglalahat

Paano ipinapakita ng isang katutubong bata na siya ay may magandang pakikitungo sa kasama?

4. Paglalapat

Lagyan ng tsek (/) kung ang larawan ay nagpapakita ng magandang pakikitungo sa kasama/pagiging masunurin at ekis (x) naman kung hindi.











**IV. Pagtataya**

Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha ( ) kung ang larawan ay nagpapakita ng magandang pakikitungo sa kasama/pagiging masunurin at malungkot na mukha( ) naman kung hindi.











**V.Takdang Aralin**

Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng magandang pakikitungo sa mga kasama .

Prepared by:

**JOYCE D. LIM**
Teacher I/Teacher-Writer

**Checked and Edited by:**

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**EMILY D. MAYOR**
Public Schools District Supervisor

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed.D.**
Public Schools District Supervisor

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON,Ed.D.**
Chief Education Supervisor

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain/LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARIŇO**
Tribal Chieftain/Poonbato,Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**Indigenized Lesson Plan**
**MTB-MLE I**
2nd Quarter

## I. Layunin

**National Competency**
Nakikilala ang tiyak na ngalan ng bagay (MT1GA-IIa-d-2.2)

**Community Competency**
Nakikilala ang mga kagamitan na ginagamit sa pangangalaga ng mga pananim.

**Indigenized Competency**
Nakikilala ang mga kagamitan na ginagamit sa pangangalaga ng pananim sa katutubong komunidad.

## II. Paksang Aralin

**Paksa :**Pagkilala ng mga Kagamitan na Ginagamit sa Pangangalaga ng mga Pananim
**Konteksto:** Pagkilala ng mga Kagamitan na Ginagamit sa Pangangalaga ng mga Pananim sa Gasak
**Sanggunian**: K to 12 Learning Competencies MT1GA-IIa-d-2.2 pahina 33, Culture Bearers: Franklin D. Carino at Fe D. Balbin, https:/www.google.com/search?q=kagamitan+sa+pagtatanim+ng+mga+Katutubong aeta+Botolan+client.firefox-a8rls-org.mozilla:en-us:official+channel
**Background Information**
Ang pangangalaga ng pananim sa gahak ay isang gawain ng pamilyang katutubo para sa kanilang pangkabuhayan. Sama-sama ang bawat miyembro ng pamilya sa pangangalaga ng pananim sa kanilang gahak.Bawat kasapi ay may ginagawa sa kanilang gahak. Gumagamit sila ng iba't-ibang kagamitan sa pangangalaga ng pananim gaya ng pala,asarol,taloro(mapurol na itak),bayengyeng(mahabang kawayan na ginagawang timba),lapat (patpat na panali),pegpeh (matutulis na kahoy).
**Kagamitan**: mga tunay na bagay gaya ng katutubong pala, katutubong asarol,taloro(mapurol na itak),bayengyeng(mahabang kawayan na ginagawang timba),lapat (patpat na panali),pegpeh (matulis na kahoy)


Katutubong asarol


Katutubong pala


taloro



bayengyeng



pegpeh



lapat

**Pagpapahalaga**: Pagkabuklod- buklod/Pagkakaisa

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain**

1. Balik-aral

Magkaroon ng pagbabalik aral sa nakaraang leksyon tungkol sa pagtatanim ng palay sa gahak.

Itanong:

- Sino-sino ang kasama ni Tatay sa gahak?
- Ano-ano ang kanilang ginagawa?

2. Pagganyak

Pagpapakita ng iba't-ibang kagamitan gamit ang mga tunay na bagay.











Itanong:

- Alam ba ninyo kung saan ginagamit ang mga ito?

**B. Panlinang na Gawain**

1. Paglalahad

Ipapakita isa-isa ng guro ang mga kagamitan at sasabihin kung saan ito ginagamit.

2. Pagtalakay

Ayon sa ipinakitang mga kagamitan,

- Saan natin ginagamit ang katutubong pala?katutubong asarol o piko?
- Para saan naman ang tulos?

- Saan naman natin ginagamit ang taloro?
- Muling isa-isahin ang mga kagamitan.

Itanong:
-Ginagamit ba natin ito sa pangangalaga ng ating mga pananim?Bakit?
-Paano naman natin mapapangalagaan ang mga kagamitang ito?

3. Paglalahat

Ano-ano ang mga kagamitang ginagamit ng katutubong pamilya sa pangangalaga ng kanilang pananim?


Ano ang nagagawa ng bawat kagamitan para sa isang katutubong pamilya?

Malaking tulong ba ito sa kanila?

4. Paglalapat

Tumayo kung ang kagamitang ipapakita ng guro ay ginagamit sa pangangalaga ng mga pananim at umupo kung hindi.



**IV. Pagtataya**

Direksyon: Lagyan ng tsek (/) kung ang kagamitan na ipapakita ay ginagamit sa pangangalaga ng mga pananim at ekis (x) kung hindi.







**V. Takdang Aralin**

Magdala ng halimbawa ng kagamitan na ginagamit ng inyong mga magulang sa pangangalaga ng pananim sa gahak.

Prepared by:

**JOYCE D. LIM**
Teacher I/Teacher-Writer

**Checked and Edited by:**

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**EMILY D. MAYOR**
Public Schools District Supervisor

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed.D.**
Public Schools District Supervisor

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS,LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON,Ed.D.**
Chief Education Supervisor

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain/LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARIŇO**
Tribal Chieftain/Poonbato,Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

---

Indigenized Lesson Plan
**EsP II**
Ikalawang Markahan

## I. Layunin

National Competency: Nakapagpapakita ng pagmamalasakit sa kasapi ng paaralan at pamayanan sa ibat- ibang paraan.(EsP2P-IIh-i-13)

Community Competency: Nakikiisa sa pagpapakita ng pagmamalasakit sa kasapi ng pamilya sa ibat-ibang paraan sa pamayanan gaya ng pangangalaga ng mga pananim sa gahak.

Indigenized Competency: Nakalalahok sa mga gawain ng buong pamilya sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak bilang tanda ng pagmamalasakit.

## II. Paksang Aralin

**Paksa:** Pagmamalasakit sa Kapwa
**Konteksto:** Pagpapakita ng pagmamalasakit sa pamilya sa ibat-ibang paraan sa pamayanan
**Sanggunian:** Curriculum Guide EsP2P-IIh-i-13, , internet
Culture Bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Cariño
**Background Information:** Ang pakikiisa at pakikilahok sa mga gawain ng pamilya ay pagpapakita ng pagmamalasakit
**Kagamitan:** larawan ng pamilyang katutubo
larawan ng mga gawain sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak
**Pokus sa Pagpapahalaga:** Pagmamalasakit

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. **Balik-Aral**
Ano anong Gawain ang ginagawa ng pamilya bilang paghahanda sa lupang taniman sa gahak?

2. **Pagganyak**
Mahal mo ba sila?



Pagbigkas ng tula sa ibaba.

***Melalabe, Melalamo,Metatambay***
***ni: Anna Marie V. Corum***

*No labay mon mag-en malegha*

*No labay mon mag-en matenek*
*No labay mon mag-en maganday beyay*
*Melalabe,melalamo,metatambay kawon metata-anak.*

*Hay kailangan nen metata-anak*
*Panlalaben meha ta meha*
*Emen ayen nen away,ayen golo*
*Ayen nen maebeg no anya pa man.*

*Ha anya man ya obra*
*Mayaren nen tampol*
*No metatambay kaganawan*
*Melalamo ha obra, senyales panlalabe.*

*Melalamo, melalabe,*
*Metatambay ha kaganawan*
*Ta emen beyay omalentawa*
*Beyay ya maalwan kayang-kaya.*

**Magmahalan, Magsama-sama, Magtulungan**
**ni; Anna Marie V. Corum**

Kung gusto mong maging masaya
Kung gusto mong maging mapayapa
Kung gusto mong magkaroon ng magandang buhay
Magmahalan, magsama-sama at magtulungan
kayong mag-anak.

Ang kailangan ng isang mag-anak
Pagmamahalan ng bawat isa
Para walang sigalot,walang gulo
Walang inngit o ano pa man.

Ang lahat ng gawain
Agad matatapos
Kung lahat tulong-tulong
Sama-sama sa paggawa, tanda ng pagmamahalan

Sama-sama,magmahalan
Tulong-tulong sa lahat ng bagay
Upang buhay guminhawa
Magandang buhay,kayang-kaya.

**B. Panlinang na Gawain**

**1. Paglalahad**

Magpakita ng larawan ng pamilyang nagtutulungan sa gawain sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak.(Maglahad ng isa pang kalagayan ayon sa karanasan ng bata kung saan ang isa sa kasapi ng pamilya ay hindi nakikiisa sa gawain kung kinakailangan upang higit na maunawaan ng mga bata ang aralin)

**2. Pagtatalakay**

Sa anong paraan nagtutulungan ang pamilyang nakalarawan?
Bawat isa ba ay may ginagawa?
Tama ba ang asal ng bawat kasapi ng pamilya sa larawan?
Ano ang mabuting dulot ng pagtutulungan sa gawain tulad ng pangangalaga sa mga pananim sa gahak sa kabuhayan ng pamilya?
Anong mabuting asal ang ipinapamalas ng pagtutulungan sa isat-isa ng bawat kasapi ng pamilya?

3. **Paglalahat**

Ano ang ipinahihiwatig ng pagtutulungan sa mga gawaing pangangalaga ng mga pananim sa gahak ng buong pamilya?

4. **Paglalapat**

a. Dula-dulaan ng bawat pangkat na binubuo ng limang miyembro na gaganap bilang Bapa, Indo, Kaka Lalake, Kaka Babaye at Poto. Ipakikita ang pagtutulungan sa anumang gawain ng buong pamilya sa panahon ng pangangalaga ng mga pananim sa gasak.

b. Fish Bowl Activity
Pumili ng isang larawan ang lider ng grupo. Pag-usapan kung anong gawain ang nasa larawan at kung ano-anong tulong ang maaring gawin ng bawat kasapi ng pamilya sa gawain ito. Isulat ang mga ito sa ilalaim ng larawan napili.

- larawan ng nagpapausok
- larawan ng nagbabakod
- larawan ng naglulutong nanay
- larawan ng nagbubunot ng damo

## IV. Pagtataya

Bilang isang anak, ano ang gagawin mo sa kalagayang nasa ibaba upang maipakita mo ang iyong pagmamalasakit sa pamilya sa panahon ng pangangalaga sa pananim sa gasak. Isulat ang iyong sagot sa pamamagitan ng isang payak na pangungusap.

" Si Bapa ay nagbubunot ng damo sa mga pananim at hinahakot ang mga nabunot na damo sa gilid upang doon sunugin para lumayo at maitaboy ang mga insekto sa pananim, samantala si Indo naman ay nagluluto ng pagkain para sa pamilya."

## V. Takdang Aralin

Gumuhit ng larawang ginagawa ng inyong pamilya na nagpapakita ng pagmamalasakit sa isat-isa.

Prepared by:

**ANNA MARIE V. CORUM**
Teacher Writer
MasterTeacher II/San Juan ES/Zambales

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
P1,Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS, IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS- Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELENE P. DOMONDON, Ed.D.**
Chief ES, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, Poonbato-LBRA

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**Indigenized Lesson Plan**
**MTB-MLE 2**
Second Quarter
(2 Araw)

**I. Layunin**

**NC:** Read aloud grade level text with an accuracy of 95-100%. (MT2F-IIa-i-1.4)

**CC:** Nababasa nang malakas ang katutubong teksto para sa ikalawang baitang na may 95-100 bahagdan na kawastuhan at kasanayan

**IC:** Nababasa nang may 95-100 bahagdan na kawastuhan at kasanayan ang mga katutubong teksto para sa ikalawang baitang

**II. Paksang Aralin**

**Paksa: Elemento ng Kwento**

**Konteksto**: Paglalahad ng kwento tungkol sa pag-aani ng palay sa bukid

**Sanggunian:** MTB-MLE 2 LM, MTB-MLE 2 CG (MT2F-IIa-i-1.4), (MT2RC-IIa-b-4.5)
Culture Bearers- Fe D. Balbin, Franklin D. Cariño

**Background Information**: Mauunawaan ang kwento sa pamamagitan ng pagtukoy sa tauhan (tawowan), tagpuan (pinangyariyan), at pangyayari (pangyayari) at pagsagot sa mga tanong na kaugnay sa tauhan na sino (hino) o sino-sino (hino-hino), sa tagpuan na saan naganap ( ayri nangyari) at kailan naganap ( nakano nangyari) ang kwento, at sa pangyayari na ano ang nagyari (anyay nangyari) o ano-ano ang nangyari ( anya-anyay nangyari) sa kwento. Mahalaga na sa pagtukoy ng mga pangyayari ay dapat na wasto ang pagkakasunod-sunod batay sa pangyayari sa kwento.

**Kagamitan:** kopya ng kwento, mga larawan, story map, pocket chart.manila paper, pentel pen, pandikit

**Pagpapahalaga:** Pagiging masipag at masunurin

**(Unang araw)**

**III. Pamamaraan**

**A. Bago Bumasa**

**1. Pagbabalik-aral**

Itanong: Ano-ano ang mga kagamitan sa paggapas ng palay o panggalot pali?

**2. Pagganyak**

**Labo-labong Letra (Jumbled Letters)**

**Anong katangiang Pilipino ang mabubuo mula sa mga titik na nakapaskil sa pisara? Ito ay katutubong salita na sambal.**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| G | E | E | M | H | A | P |

**3. Paghahalaw ng Balakid**

Kilalanin at ipatukoy ang mga larawang katumbas ng mga sumusunod na salita. Ipabigay ang kahulugan ng mga ito.

Bukid (paliyan), patuke (kangga), bigkis ng palay (ginalot o penete), hapon (mahelem), naggeek ( nanggeek), nagwawagwag ( ampanwagwag)








**B. Habang Bumabasa**

1. Bago bumasa ay ipakita ang larawan ni Mulhag at itanong ang sumusunod**;**
   Saan kaya siya pupunta? Ano kaya ang kanyang gagawin?

Basahin ng guro ang kwento na nakalahad sa pisara. Paalalahanan ang mga bata na makinig at sundan ng mata ang binabasa ng guro upang ito ay maunawaan at maintindihan.

**Hay Anak ya Mahepeg**

Ni: Ronald A. Dela Cruz



Hi Mulhag ay mihay anak ya lalaki ya ampag-aral ha Ayta School. Hiya ay anti ana ha Grade 2. Hiya ay mahepeg boy mahunol ha toa boy kaka na kaya labay-labay layan getan ha paliyan.

Nilumateng anay panaon panggalot , hila Mulhag, Bapa na, Indo na boy Kaka nan Keyekey ay hay hambak naglako ha paliyan. Panlumateng ha paliyan, hila Bapa, Indo boy Keyekey ay nag-umpisay nan nanggalot. Hi Mulhag itaman ay inhugo pon mangamot lanum.

Pangayari nan nangamot lanum ay iningat nayna hila Bapa, Indo boy Keyekey emen magkape pon. Pangayari lan nagkape, kaganawan laynan naglakon nanggalot. Hi Mulhag ay ahe et tanda manga lot kaya hay ginawa na ay nangakot ya tanan penete ya ginalot ta emen ipakapaka. Pangayari lay Indo, Bapa boy Keyekey nanggalot ay nitatambay hilay nan nangakot nin ginalot. Mahelem ana hin nayari lan intipon ya ginalot.

Kinabukahan ay nanggeek hilay na. Hi Mulhag ya mangituron ginalot emen geeken. Hi Indo etaman ya ampanwagwag boy ampamalohbo gamit ya bilawo. Hay towa ni Mulhag boy pamilya na ta nakalake Hilan naalawa. Hen pamurong la ay nakakatuloy hi Mulhag ha kangga bana ha kapakilan

***Ang Batang Masipag***
*Ni: Ronald A. Dela Cruz*

*Si Mulhag ay isang batang lalaki na nag-aaral sa Ayta School. Siya ay nasa ikalawang baitang na. Siya ay masipag at masunurin sa magulang at kapatid kayat gustong-gusto nila siyang dalhin sa bukid.*

*Dumating na ang panahon ng gapasan, sina Mulhag, Tatay, Nanay at Kuya Keyekey ay maagang pumunta sa bukid. Pagdating sa bukid, sina Bapa, Indo at Keyekey ay nagsimula ng maggapas. Si Mulhag naman ay inutusan muna na magpakulo ng tubig.*

*Pagkatapos niyang magpainit ng tubig ay tinawag na niya sina Bapa, Indo at Keyekey upang magkape. Pagkatapos nilang nagkape ,silang lahat ay bumalik sa panggagapas. Si Mulhag ay hindi pa alam maggapas kayat naghakot na lang siya ng mga binigkis na palay upang pagsamasamahin sa isang lugar. Pagkatapos nina Indo, Bapa, at keyekey sa paggapas ay nagtulong-tulong na sila sa paghahakot ng binigkis na palay.*

*Kinabukasan ay naggeek na sila. Si Mulhag ang tagaabot ng binigkis na palay upang geekin. Si Indo naman ang nagwawagwag at naghihilay ng ipa sa hindi ipa gamit ang bilao. Masayang-masaya sina Mulhag at ang kanyang pamilya dahil marami silang naani. Sa kanilang pag-uwi ay nakatulong na lang si Mulhag sa patuke (kangga) dahil sa kapaguran.)*

2. Ang guro ay titigil saglit sa pagbabasa sa bawat talata upang magtanong at alamin kung nauunawaan ng mga bata ang kuwento.
   a. Ano ang pamagat ng kuwento?
   b. Sino ang masipag na bata sa kuwento?
   c. Saan sila pumunta?
   d. Sino-sino ang kasama ni Mulhag na pumunta sa bukid?
   e. Ano ang ginawa nila sa bukid?
   f. Ano ang mga ginawa ni Mulhag upang makatulong sa pamilya?
   g. Sino-sino ang naggapas?
   h. Sino ang naghihiwalay ng ipa sa hindi ipa?
   i. Dapat bang tularan su Mulhag? Bakit?

**(Ikalawang Araw)**

**C. Pagkatapos Bumasa**

**1. Pangkatang Gawain (Cybernetic Session)**

Isulat sa kalahating manila paper ang bawat talata ng kuwento. Ipaskil ng guro sa palibot ng dingding ng silid-aralan. Hatiin ang klase sa apat na pangkat at magkaroon sila ng lakbay- basa sa mga idinikit na talata. Bigyan ng tig-iisang minuto sa bawat talata ang bawat pangkat upang basahing mabuti ang bawat talata. Ang guro ang magbibigay ng senyales na tapos na ang oras.

**2. Pangkatang Gawain (Group Reading)**

Ipabasa ang kwento ng pangkatan mula simula hanggang wakas. Bubunot ang guro kung aling pangkat ang magbabasa sa unang talata, pangalawang talata, pangatlong talata at panghuling talata. Itanong ang sumusunod pagkatapos magbasa ang bawat pangkat.

Unang Talata-Sino ang batang masipag sa kuwento?
Bakit gusting-gusto siya ng kanyang magulang at kapatid?

Ikalawang Talata- Saan pumunta sina Mulhag?
Ano ang ginawa nila Bapa, Indo at Keyekey pagdating sa bukid?
Ano ang ginawa ni Mulhag?

Ikatlong Talata- Ano ang kanilang ginawa nang sila ay tinawag ni Mulhag?
Dahil sa hindi alam maggapas ni Mulhag, ano ang kanyang ginawa?
Panghuling Talata- Ano ang kanilang ginawa?
Anong tulong ang ginawa ni Mulhag?
Sino ang naghihiwalay ng ipa sa hindi ipa?

3. Pagpapahalaga
   Itanong; Karapat-dapat bang tularan si Mulhag? Bakit?

## IV. Pagtataya

**Hay Anak ya Mahepeg**

Hi Mulhag ay anak ya mahepeg boy mahunol kaya labay-labay layan getan ha paliyan. Hiya ay inhugo mangamot lanum ta nanggalot ana ya kalamo na. pangayari lan nagkape ay nanggalot hilay nan kaganawan. Bana ha ahe tanda ni Mulhag manga lot ay nangakot ya tanan penete. Kinabukahan, hin panggeek hi Mulhag ya mangituron ginalot. Hi indo etaman ya ampanwagwag. Magana hila ta nakalake hilan naalawa.

Gabay sa pagpupuntos ng pangkatang pagbasa.

| Batayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Kawastuhan sa pagbasa ng mga salita | | | | | |
| Linaw sa pagbigkas ng mga salita | | | | | |
| Wastong tigil o pahinga sa bawat bantas | | | | | |
| Wastong bilis sa pagbasa | | | | | |
| Kabuuang puntos | | | | | |

Gabay sa pagpupuntos batay sa 66 na salitang binasa.

5 - Napakahusay = 95-100% kawastuhan at kasanayan
(walang 3 maling nabasang salita)
4 – Mahusay (4-6 salitang mali ang basa)
3 - Mahusay-husay (7-9 salitang mali ang basa)
2 - Medyo mahusay (10-12) salitang mali ang basa)
1 - Hindi mahusay (13 o higit pang salitang mali ang basa)

## V. Takdang- Aralin

Pakuwentuhin ang inyong magulang. Makinig at unawain ang kanilang kuwento. Tandaan kung sino-sino ang tauhan, saan at kalian naganap ang kuwento at ano-ano ang mga nangyari. Humanda sa pagkukuwento sa harap ng klase kinabukasan.

**LP Writer:**

**RONALD A. DELA CRUZ**
Teacher I/Teacher Writer

**Checked and Edited by:**

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**EMILY D. MAYOR**
Public Schools District Supervisor

**ZENAIDA P. ANAJAO, Ed. D**
Public Schools District Supervisor

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain, LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARIÑO**
Tribal Chieftain
Poonbato. Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**Indigenized Lesson Plan**
**ARALING PANLIPUNAN 3**
Ikalawang Markahan

**I. Layunin**

**National Competency**

Nasasabi ang mga paraan ng pagtutulungan ng mga lalawigan sa rehiyon noon at sa kasalukuyan. (AP3KLR-IIa-b-1)

**Community Competency**

Natutukoy ang mga paraan ng pagtutulungan ng bawat pamilyang katutubo sa komunidad sa mga gawain sa gasak(gahak).

**Indigenized Competency**

Nasasabi na ang “tobawean’ ay paraan ng pagtutulungan ng pamilyang katutubo sa mga gawain sa gasak(gahak).

**II. Paksang Aralin**

**Paksa**: Ang mga Kuwento ng Aking Rehiyon
**Konteksto**: Pagtutulungan ng Pamilyang Katutubo
**Sanggunian**: Curriculum Guide: AP3KLR-IIa-b-1, Culture Bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Cariño,https:/www.google.com/search?q=kagamitan+sa+Pagtatanim+ng+mga+katutubong +aeta+Botolan+client.firefox-a8rls-org.mozilla:en-us:official+channel

**Background Information**

Ang tobawean ay isang paraan ng palitang pagtutulungan ng pamilyang katutubo sa anumang gawain sa komunidad. Ang bawat pamilya ay kusang tumutulong sa gawain ng ibang pamilya nang walang hinihintay na bayad o upa para kung sila naman ang may gawain ang ibang pamilya ay kusang tutulong din sa kanila. Sa ganitong paraan naipapakita ng bawat isa ang pagtutulungan at pagmamalasakit.

**Kagamitan:** larawan ng mga taong sama-samang nagtatrabaho sa gahak,
**Pagpapahalaga**: Pagtutulungan at pagmamalasakit sa isat-isa

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain**

1. Balik-Aral
   Ano-ano ang mga paraang ginagawa ng mga katutubo sa pangangalaga ng kanilang mga pananim sa gasak(gahak)?
2. Pagganyak
   Laro: Pagbuo ng puzzle (mga pamilyang nagtutulungan sa paggawa sa gasak)
   Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Tulong-tulong ang bawat kasapi ng pangkat sa pagbuo ng puzzle. Ang maunang makakakabuo ang siyang mananalo sa laro.
   Paano nabuo kaagad ang puzzle ng pangkat na nanalo sa laro?

**B. Panlinang na Gawain**

1. Paglalahad
   Ipakita ang mga larawan sa ibaba.






2. Pagtatalakay

   Sa inyong palagay, may bayad o upa kaya ang kanilang paggawa sa bukid ng ibang pamilya kung sila ay tumutulong sa mga ito?

   Ano ang tawag sa ganitong uri ng pagtutulungang ginagawa ng bawat pamilyang katutubo ng walang bayad o upa sa kanila?

   Paano nakatutulong sa pagkakaisa at pagmamalasakit sa kapwa ang ganitong pagtutulungan?

3. Paglalahat

   Ano ang tawag sa palitang pagtutulungan sa anumang gawain ng bawat pamilyang katutubo sa ibang pamilya nang walang bayad o upa?

4. Paglalapat

   A. Gamitin ang pangkat na ginawa sa pagganyak. Pumili ng isang larawan sa ibaba. Sabihin kung anong gawain ang ipinakikita sa bawat larawan, Ipakitang kilos ito bilang tobawean.











Markahan ang bawat pangkat ayon sa rubrics na nasa ibaba.

5 puntos - naiulat at naisakilos nang wasto ang gawain
4 puntos - hindi masyadong naiulat at naisakilos ang gawain
3 puntos - hindi lahat ng kasapi ng pangkat ay nakiisa sa gawain
2 puntos - naiulat lamang ang gawain,hindi naisakilos
1 puntos- walang naiulat at naisakilos ang pangkat

**IV. Pagtataya**

Sabihin kung ang gawaing nasa bawat kahon ay nagpapakita ng tobawean ng pamilyang katutubo sa mga gawain sa gasak(gahak). Sagutin ng **Oo** o **Hindi**.

1. Pamilyang Mangatuliran at Pamilyang Dela Cruz na nagtutulungan sa pagbubu-not ng damo sa lupang pagtataniman.

2. Pamilyang Bulatao at Pamilyang Cariño sama-samang nagtatanim ng kamote sa gasak.

3. Bapa na mag-isang nagga-gapas ng palay sa gasak.

4. Pamilyang Basa at mga kasapi ng Pamilyang Cabalic tulong-tulong sa pagtatanim ng palay sa gasak.

5. Bapa na naglalagay ng pananda sa gagasaking lupang taniman

**V. Takdang Aralin**

Tanungin ang mga nakatatanda sa inyong komunidad kung ano-ano pang gawain ang ginagawa ng tobawean.

Itala ito at iulat sa klase bukas.

Prepared by:

**ANNA MARIE V. CORUM**
Teacher Writer
MasterTeacher II/San Juan ES/Zambales

Checked and Edited by:

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed. D.**
Public Schools District Supervisor

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELENE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor .

Verified and Validated by:

**FE D. BALBIN**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, Poonbato-LBRA

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

**Indigenized Lesson Plan**
**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO III**
Ikalawang Markahan

## I. Layunin

**National Competency**

Nakapagpapadama ng malasakit sa kapwa na may karamdaman sa pamamagitan ng mga simpleng gawain - pagtulong at pag-aalaga (EsP3P- IIa-b - 14)

**Community Competency**

Naipadadama ang malasakit sa bawat miyembro ng pamilyang katutubo sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain at pag-aalaga sa maliit na kapatid sa panahon ng pangangalaga ng pananim (Plant Supervision) sa gahak

**Indigenized Competency**

Naipamamalas ang malasakit sa pamilya sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain sa pagtatanim at pag-aalaga sa maliitna kapatid sa panahon ng pangangalaga ng pananim (Plant Supervision) sa gahak.

## II. Paksang-Aralin

**Paksa:** Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (Empathy); Kabutihan (Kindness)

**Konteksto:** Pagpapadama/Pagpapamalas ng malasakit sa bawat miyembro ng pamilyang katutubo sa panahon ng pangangalaga ng pananim

**Sanggunian:** ESP3P- IIa-b – 14, Culture bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Carino, https:/www.goggle.com/search?q=kagamitan+sa+pagtatanim+ug+mga+katutubong+aeta+sa+botolan+client-a8rls<0rg.mozillo:en-us:official& channel

**Background Information**

Ang malasakit sa kapwa ay isang magandang kaugaliang dapat taglayin ng bawat isa sa atin. Ang pamilyang katutubo ay isang halimbawa na nagpapakita at nagpapadama ng kanilang malasakit sa bawat miyembro ng pamilya sa sama-sama nilang paggawa at pagtulong sa mga simpleng gawain gaya ng pagdala ng mga kagamitan, pagbunot ng mga damo o pag-aalaga sa maliliit na kapatid. Sinisikap ng bawat isa na makatulong sa kahit simpleng paraan na naaayon sa kanilang edad at kakayahan. Sa ganitong paraan, gumagaan at napapadali ang kahit na anumang gawaing nakaatang na gawin ng pamilya. Ito ang nagpapatibay at nagbubuklod sa matatag na relasyon ng pamilya.

**Kagamitan:** larawan ng pamilyang katutubo

**Pagpapahalaga:** Pagmamalasakit sa kapwa

## III. Pamamaraan

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-aral:**

Ano-ano ang mga tungkulin ng bawat miyembro ng inyong tahanan?

**2. Pagganyak**

Magpapakita ang guro ng mga larawan na may pagmamalasakit sa kapwa.


1


2


3

**Tanong**:

- Ano ang ipinakikita sa unang larawan? Ikalawang larawan? Ikatlong larawan?
- Paano ipinaparamdam o ipinapakita sa unang larawan ang kanilang malasakit sa isa't-isa? Ikalawang larawan? Ikatlong larawan?

**2 Panlinang na Gawain**

1. **Paglalahad:**

   Magpapakita ang guro ng larawan ng pamilyang katutubo na tulong-tulong na gumagawa sa gahak.



1




2

2. **Pagtatalakay:**

   **Mga tanong**:

   a. Ano ang nakikita ninyo sa unang larawan na ginagawa ng pamilyang katutubo ?
   b. Ano ang ginagawa ng tatay? nanay?
   c. Ano naman ang ginagawa ng batang lalaki?
   d. Ano din ang ginagawa ng batang babae sa ikalawang larawan habang gumagawa ang kanyang mga magulang?
   e. Paano sila gumagawa?
   f. Sa anong paraan kayo nakakatulong sa kanila?Ano-ano ang inyong mga ginagawa?
   g. Bakit mahalagang tumulong sa kanila habang sila ay may ginagawa?
   h. Paano ninyo naipadarama ang malasakit sa inyong pamilya o sa kapwa?

3. **Paglalahat:**

   Sa paanong paraan ninyo naipapadama o naipapamalas ang malasakit sa inyong pamilya o kapwa?

4. **Paglalapat:**

   ***Pangkatang Gawain- Pagsasadula***

   Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Bawat pangkat ay may sitwasyon gagampanan kung saan ipapakita nila ang malasakit sa kapwa sa pamamagitan ng mga simpleng gawain.

   **Unang Pangkat** (Courteous Group)

   Matanda na at may sakit ang papo nina Saping at Ilak na si Papo Ising. Inihabilin ng kanilang mga magulang na alagaan nila ito habang sila ay nagbabantay ng kanilang pananim sa gahak.

   (*Ano ang kanilang gagawin upang maipadama at maipakita ang malasakit sa kanilang papo?)*

   **Ikalawang Pangkat** (Kind Group)

   Abalang-abala ang mag-asawang Bapa Angey at Indo Lahik sa pagtatanim ng kamote sa kanilang bukid ng makita nina Kinang at Ikled ang kanilang bunsong kapatid na si Tasto na mag-isang naglalaro sa kanyang kuna.

   (*Ano ang kanilang gagawin upang maipadama at maipakita ang kanilang malasakit sa kapatid at mga magulang?)*

**IV. Pagtataya**

Lagyan ng tsek (/) ang bawat patlang kung ang larawan ay nagpapakita ng malasakit sa kapwa at ekis (x) kung hindi.



1. _________



2._________



3. _________



4. _________



5. __________

**V. Takdang-aralin**

Gumuhit ng tatlong (3) larawan na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.

Prepared by:

**EMMA P. RABOY**
Teacher I/Teacher-Writer

**Checked and Edited by:**

**MAYDEN G. RONDERO, Ed. D.**
Principal IV

**JOHNSON E. CABANGON**
P1/Div. IPED Alternate Focal Person

**JACELINA A. PASCUA, Ed. D.**
Public Schools District Supervisor

**EMILY D. MAYOR**
Public Schools District Supervisor

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Div. IPED Focal Person

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELINE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain/LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Tribal Chieftain/Poonbato, Loob-Bunga Resettlement Area

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**MTB-MLE 3**
Ikalawang Markahan

**I. Layunin**

**National Competency**: Relate story events to one's experiences. (MT3 IIe-6.1)
**Community Competency**: Naiuugnay ang sariling karanasan sa mga pangyayari sa komunidad gaya ng pangangalaga ng pananim.
**Indigenized Competency**: Naiuugnay ang sariling karanasan sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak mula sa binasang tula.

**II. Paksang Aralin**

**Paksa**: Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa mga Pangyayari sa Komunidad
**Konteksto**: Mga Gawain sa Pangangalaga ng Pananim sa Gahak.
**References:** K to 12 CG (MT3 IIe-6.1),
Culture Bearers- Fe D. Balbin, Franklin D. Cariño
https://www.google.com/search?g=kagamitan+sa+pagtatanim+ng+mga+katutubong+aeta+sa+Botolan+client.firefox.a8rls<org.mozilla:en-US: official + channel

**Background Information:** Napakahalaga sa mga katutubo ang pangangalaga ng mga pananim sa gahak upang mamunga ng maayos ang mga pananim. Ang pangangalaga ng halaman ay mula pagtubo ng mga pananim hanggang sa ito ay anihin. Ang pagbubunot ng damo (panlamon), pagbubunot muli ng damo pagkatapos ng 2 linggo sa pagitan ng palay (pangole), paghahakot ng binunot na damo at pagpapausok (pamaahok) ay mga gawain sa pangangalaga ng pananim sa gahak. Karaniwan ay ginagawa ito mula Hunyo hanggang unang linggo ng Oktubre lalo na sa pananim na palay. Ang bawat kasapi ng pamilya ay may mahahalagang tungkulin na dapat gampanan sa panahon ng pangangalaga ng mga pananim.

**Kagamitan:** mga larawan gaya ng gahak (gasak),tatay (bapa),nanay(indo), tikling, galaway (sigarilyas), damo (dikot),hila-hila (kangga), batang nagdidilig ng halaman at kopya ng tula: " Tanem Mo, Atapan Mo" ni Ronald A. Dela Cruz.

**Values:** Pagpapahalaga sa mga halaman

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain**

1. **Pagbabalik-aral**

   Pagbabalik –aral sa mga gawain sa pangehad.

2. **Pagganyak**

   Pagpapakita ng larawang nadidilig ng halaman. Hayaang magbigay ng ideya ang mga bata batay sa ipinapakitang larawan.
   Itanong : Tungkol saan kaya ang ating tatalakayin?

3. **Paghahalaw ng Balakid**

   Ipabigay ang kahulugan ng mga sumusunod na mga salita gamit ang larawan:

Bapa (tatay), Indo (nanay), gahak (gasak),dikot (damo), tikling, kangga (hila-hila).









Ano-ano ang inyong mga gawain sa gahak o gasak upang mapangalagaan ang mga pananim?

**B. Panlinang na Gawain**

**1. Paglalahad**

Ipabasa ang tula sa buong klase/pangkatan.

**Tanem Mo, Atapan Mo**

ni Ronald A. Dela Cruz

Tanem mo, atapan mo
Honolen mo, hugo ni bapa mo
Lamohan hi indo mo.
Mako ha gahak ta manlamon kawdo,
Emen lomaboyong ya tawtamen bayro.

Oloten ya dikot ha palibot,
Emen makaoyat, makabungan mahampat.
Tanem ya pali en-ehad ni indo.
Emen makatambay akoten ko,
Intipon ya dikot, ya inolot ni indo.

Nayari nanlamon, hikay ay nikno.
Nilumateng hi poto, maen an itago.
Hen binilew ko, tikleng awod bayto.
Inpaiyaw na kongko ta kuna kano.
Kaya magana kayen nangugto.

Hin mahelem ana,
Dikot ay nayangoy na.
Pinagketan ko, ahok ya nilomwa.
Emen insekto dumayo ana.

Hinumono hi bapa, agad ya karga.
Iningat hi kaka, ta galaway agadan na.
Hen nayari hila, inayos ya kangga.
Ta hikaye ay murong ana.

**Tanim Mo, Ingatan Mo**
Ni Ronald A. Dela Cruz

Tanim mo, ingatan mo
Sundin mo, utos ng tatay mo
Samahan si nanay mo.
Pupunta sa gasak at magbunot ng damo,
Upang tanim doon ay lumago

Bunutin sa paligid ang mga damo,
Upang makaugat, mamunga ng maayos
Tanim na palay, tinanim ni nanay.
Upang makatulong hakutin ko,
Inipon na damong binunot ni nanay

Pagkatapos nagbunot, kami ay umupo.
Dumating si bunso, mayroong itinatago.
Nang aking tinignan, tikleng pala iyon.
Pinaihaw niya sa akin at amin daw ulamin.
Kayat masaya kaming nananghalian.

Nang hapon na,
Damoy tuyo na.
Aking sinindihan, usok ang lumabas,
Upang insekto ay lumayo na


Sumunod si tatay, balag ang dala
Tinawag si kuya at sigarilyas balagan niya.
Nang natapos sila, inayos na ang kangga,
At kami ay uuwi na.

2. **Pagtatalakay**

Pangkatang Gawain.

a. **Punan ang dayagram.**

Isulat sa loob ng bilog ang mga gawaing nabanggit sa tula ang nagpapakita ng pangangalaga ng pananim sa gahak at ipabasa sa bawat pangkat.




b. **(Cooperative Learning: Cybernetic Session)**

Bubuksan ng guro ang mga tanong na nakadikit sa bawat bahagi ng silid-aralan. Bawat pangkat ay bigyan ng isang minuto para pag-isipan at isulat ang kanilang sagot hanggang sa matapos nilang maikot ang lahat ng mga tanong. Iuulat ng bawat pangkat ang kanilang mga sagot.

Mga tanong:

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Saan tungkol ang tula?
3. Ano-ano ang tinatanggal sa palibot ng tanim?
4. Sino ang naghakot o nangakot ng dikot o damo?
5. Ano ang ginawa sa binunot na mga damo?
6. Bakit sinusunog ang mga binunot na damo?

**3. Paglalahat**

Ano-anong gawain ang nabanggit sa tula ang nagpapakita ng pangangalaga sa halaman sa gahak?

Ano-anong gawain ang nabanggit sa tula ang kaya ninyong gawin?

**4. Paglalapat**

**Gawain**

Gumuhit ng isang gawain sa pangangalaga ng mga pananim sa gahak na inyong ginagawa at sumulat ng isang pangungusap tungkol dito.

**Pagpapahalaga**: Bakit kailangang alagaan ang mga pananim sa *gahak* o gasak?

**IV. Pagtataya**

A. Panuto: Isulat sa patlang ang **Bituin** (★) kung ang pangungusap ay nagsasabi ng pangangalaga ng halaman at kung hindi, itama ang pangungusap sa pamamagitan ng pagbilog at pagpalit sa maling salita.

_____1. Ang pangole ay ang pagbubunot ng damo sa pagitan ng palay pagkalipas ng 2 linggo mula pagkatanim.

_____2. Ang pagpapausok ay nakatutulong upang maitaboy ang mga insektong sumisira ng mga tanim sa gahak.

_____3. Ang bawat kasapi ng pamilya ay may mahahalagang tungkulin na dapat isantabi sa panahon ng pangangalaga ng mga pananim.

_____4. Ang panlamon ay ang pagbubunot ng damo sa ikatlong beses.

_____5. Ang mga damo ay sinunsunog upang lumapit ang mga insekto sa pananim.

**V. Takdang –Aralin**

Sumulat ng maikling talata tungkol sa hindi malilimutang karanasan kasama ang pamilya sa gahak.

**Prepared by:**

**RONALD A. DELA CRUZ**
Teacher-I/Teacher Writer

**Checked and Edited by:**

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS-Araling Panlipunan

**DEUDELINE P. DOMONDON,Ed.D**
Chief ES, CID

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Tribal Chieftain, LAKAS-Bihawo
Botolan, Zambales

**FRANKLIN D. CARIÑO**
Tribal Chieftain, Poonbato, LBRA,
Botolan, Zambales

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBALES**
Iba, Zambales
*Tel./Fax No. (047) 602 1391 / (047) 307 2076*
*E-mail Address: zambales@deped.gov.ph*
*website: www.depedzambales.com*

Indigenized Lesson Plan
**ARALING PANLIPUNAN 2**
Ikalawang Markahan

**I. Layunin**

**National Competency**

Natutukoy ang ibat-ibang pagdiriwang ng komunidad. (AP2 KNN- IIf- g-9)

**Community Competency**

Natutukoy ang mga pagdiriwang /tradisyon/ritwal ng pamilyang katutubo bago sumapit ang anihan hanggang sa pag-aani ng mga pananim sa gasak (gahak).

**Indigenized Competency**

Natutukoy ang ibat-ibang pagdiriwang/ tradisyon/ritwal / ng pamilyang katutubo bago sumapit ang anihan hanggang sa pag- aani ng mga pananim sa gasak (gahak) gaya ng pamatay/pangatang at talbeng (sayaw ng pasasalamat).

**II. Paksang Aralin**

**Paksa**: Ang Pinagmulan at Pamumuhay ng Komunidad

**Konteksto**: Ang pagsaasagawa ng tradisyon/pagdiriwang sa komunidad

**Sanggunian**: Curriculum Guide: (AP2 KNN- IIf- g-9),
https:/www.google.com/search?q=kagamitan+sa+Pagtatanim+ng+mga+katutubong+aeta+Botolan+client.firefox-a8rls-org.mozilla:en-us:official+channel,
Culture Bearers: Fe D. Balbin at Franklin D. Carinño

**Background Information**: Ang pamatay/pangatang ay isang tradisyon/ritwal na ginagawa sa oras ng takip-silim ng nakatatanda sa komunidad bilang tanda ng paunang pasasalamat sa mga bantay ng lupa sa pamamagitan ng pagkuha ng isang taling uhay ng palay at isasabit sa kahoy. Paggapas ng unang ani, babayuhin at gagawing pinipig(palarok) at ilalagay sa bao (kolo) at ilalagay sa loob ng biniyak na buho (halakang) saka iaalay ng nakatatanda. Tatawagin ang mga lamang lupa upang ibigay ang kanilang bahagi at bilang pasasalamat kay Apo Namalyari sa masaganang ani. Ang talbeng naman isang sayaw ng pasasalamat sa masaganang ani na ginagawa matapos ang anihan ng mga katutubo. Nagkakatay ng "baboy bale" ang mga katutubo saka sasayawan ito ng mga miyembro ng katutubo paikot sa nakaatang na "baboy bale na may pahid ng kaunting dugo sa kanilang mga palad. Matapos ang sayaw, paghahati-hatian na ng mga katutubo ang karne ng "baboy bale".

**Kagamitan:** larawan ng gasak na may pananim, uhay ng palay, larawan ng mga katu-tubong nagsasagawa ng ritwal/tradisyon,larawan ng tunay na bagay ng ginagamit sa pagsasagawa ng pamatay/pangatang, larawn ng "baboy bale".

**Pagpapahalaga:** Paggalang sa tradisyon/ritwal ng bawat isa

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain**

1. Balik - Aral

Ano-anong mga paraan ang ginagawa ng mga katutubong pamilya sa pangangalaga ng mga pananim sa gasak (gahak)?

2. Pagganyak

Magpakita ng larawan ng Bapa na naglalagay ng panal-ak(krus) sa lupa bilang pananda ng paghingi ng pahintulot bago maggasak sa pagtatanimang lupa.

Itanong: Ano ang ginagawa ng Bapa sa larawan? Ano ang kanyang itinatarak sa lupa?

Bago naman mag-anihan, may ginagawa rin bang ritwal/tradisyong katulad sa ginawa ng Bapa sa larawan?

Bakit nya ito ginagawa?

**B. Panlinang na Gawain**

1. Paglalahad

Ipakitang kilos ng katutubong inimbitahan/ Bapa o isang batang sinanay na bago ang aralin ang paraan ng pamamatay o pangangatang gamit ang mga tunay na kagamitan.

2. Pagtatalakay

Ano ang ginawa ng Bapa?
Ano ang tawag sa gawaing ito ng mga katutubo bago mag –anihan?
Paano ito isinasagawa?
Sino ang dapat na nagsasagawa nito?
Bakit ito isinasagawa?
Paano nakakatulong ang pagsasagawa ng tradisyon/ritwal sa ugnayan ng mga tao sa komunidad?

3. Paglalahat

Anong tradisyon/ ritwal ang ginagawa ng mga katutubo bago dumating ang anihan ng mga pananim sa gasak(gahak)? Tukuyin ang mga paraan kung paano ito isinasagawa?

4. Paglalapat

1. Bumuo ng 3 pangkat.
2. Isadula ang paraan ng pamatay/pangatang o sayawin ang talbeng
3. Ipakitang kilos ito sa klase

Markahan ang bawat pangkat ayon sa sumusunod na rubrics:

5 puntos - naipakitang kilos nang wasto ang 4 na paraan/hakbang sa pamatay/pangatang at pagsayaw ng talbeng
4 puntos – naipakitang kilos nang wasto ang 3 paraan/hakbang sa pamatay/pangatang at pagsayaw ng talbeng
3 puntos naipakitang kilos nang wasto ang 2 paraan/hakbang sa pamatay/pangatang at pagsayaw ng talbeng
2 puntos - naipakitang kilos nang wasto ang 1 paraan/hakbang sa pamatay/pangatang at pagsayaw ng talbeng
1 puntos - walang naisagawang kilos ang pangkat

**IV. Pagtataya**

A. Isulat ang tsek(/) kung ang gawain ay tumutukoy sa pangatang/pamatay at talbeng at ekis (x) kung hindi.

____ 1. . Pagkuha ng isang taling palay at isasabit sa kahoy tanda ng paunang pasasalamat sa mga bantay sa lupa.
_____2. Ang Bapa ay naglalagay ng krus (panal-ak) sa lupa bilang paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng lupa.
_____ 3. Paggapas ng unang ani at gagawing pinipig.
_____ 4. Tatawagin ng nakakatatanda ang mga lamang lupa upang ibigay ang kanilang bahagi at bilang pasasalamat kay Apo Namalyari.
_____ 5. Ang mga katutubo ay magsasayaw ng pasasalamat sa masaganang ani ng kanilang mga pananim.

**V. Takdang Aralin**

Iguhit sa bilog ang gustong-gusto mong tradisyon/ritwal na ginagawa sa inyong komunidad.

Prepared by:
**ANNA MARIE V. CORUM**
**Teacher Writer**
**Master Teacher II/San Juan ES/Zambales**

**Checked and Edited by:**

**JENNIFER A. ABUNDO**
Principal II

**JOHNSON E. CABANGON**
Principal I/Division IPED Alternate Focal Person

**JOY P. CORTEZ**
SEPS/Division IPED Focal Person

**BLESILDA D. FONTANILLA, Ed. D.**
Public Schools District Supervisor

**NIDA BLANCA L. FISCO**
EPS, Araling Panlipunan

**MAYLENE M. MANUEL**
EPS, LRMDC

**DEUDELENE P. DOMONDON, Ed. D.**
Chief Education Supervisor

**Verified and Validated by:**

**FE D. BALBIN**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, LAKAS-BIHAWO

**FRANKLIN D. CARINO**
Culture Bearer
Tribal Chieftain, Poonbato-LBRA